Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies 2012–13 (27–28): 73–116

# FORUM 2

## *Pangako Sa 'Yo: Kompensasyon sa mga Biktima ng Batas Militar*

Biyernes, 20 Setyembre 2013, 9:00 n.u.–12:00 n.t.
Pulungang Claro M. Recto (Faculty Center Conference Hall)
Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura
Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman

**PERLITA FRAGO** (Pangalawang Direktor, Third World Studies Center at Katuwang na Propesor, Departamento ng Agham Pampulitika, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman): Good morning. This is the second of the *"Marcos Pa Rin! Ang mga Pamana at Sumpa ng Rehimeng Marcos"* Public Forum Series of 2013. The series was organized by the Third World Studies Center in cooperation with the Office of the Chancellor and the College of Social Sciences and Philosophy, in line with its thirthieth anniversary. The first part [of the program] is the opening remarks from the director of the Third World Studies Center, Dr. Ricardo T. Jose.

**RICARDO T. JOSE** (Direktor, Third World Studies Center at Propesor, Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman): *Magandang umaga sa inyong lahat.* Let me explain *kung bakit naisip natin itong* series of [forums] *na ito, ang "Marcos Pa Rin!"* It started actually when . . . the UP College of Business Administration decided to rename its program or college as the Cesar E.A. Virata School of Business and the Board of Regents acted on this *noong* April [2013]. It created a storm of protest—*ang dami talagang nagalit* because *parang nakalimutan na iyong* lessons of martial law. And especially considering *na* with the internet, *ang dami-daming nagsi-*circulate *sa* internet showing martial law in a different way. It is

not the martial law that most of us experienced—*parang* romanticized martial law.

So, *kami sa* Third World Studies Center decided to do something about it and as it turned out, we had a very successful forum in late June [2013] to bring out the questions [regarding the] memory of martial law: who Virata really was during the martial law years and issues like that. *Bakit natin nakalimutan iyong mga nangyari?* Is it so short a time that passed? And considering that the role of Virata in the university, *ang daming reklamong lumabas* in the internet and elsewhere. But the university did not take an official stand on it, so we took it upon ourselves to bring out this issue and it was a very successful forum. So, *nagkaroon ng* idea *na* we will follow up with a series of other fora considering it has been forty-one years since martial law was proclaimed.

In order to keep the memories alive and fresh and in order to also convey *iyong* lessons of the martial law regime—considering especially *na maraming mga* members *ng* Marcos family are trying to clear their names and even worse, probably running for higher office—there are things that have to be done. This is the second of a series and actually after this, we plan to have three more later this year and early next year. *Ang magiging* focus *nito* is actually what are the consequences of martial law, what martial law meant, and how it affects us. This first step, after the Virata issue, is to talk about the compensation issue of the various human rights victims of martial law. We invited a group of speakers from various positions and they will show us different perspectives on the issue of claimants, compensation, and the whole human rights issues even up to the present day . . . . *Maraming salamat sa inyong pagdalo* and I hope we will get something very substantial out of this . . . So without much further ado, again welcome to this program.

**FRAGO:** Thank you, Director Jose. *Gaya po ng nasabi ng direktor ng* Third World Studies Center, *ang* forum *na ito na pinamagatang "Pangako Sa 'Yo: Kompensasyon sa mga Biktima ng Batas Militar" ay umusbong sa naunang* forum *ukol* sa Cesar E.A. Virata School of Business *at sumusunod sa temang "Marcos Pa Rin! Ang mga Pamana at Sumpa ng Rehimeng Marcos." Bukas ay* Setyembre 21 *muli at sabay-sabay nating pag-usapan ang mga naiwang isyu na bunga ng* martial law. *Isa na nga sa mga pamana o sumpa ng rehimeng* Marcos *ang pangakong kompensasyon para sa mga* human rights victims *ng* martial law. So, *ngayong umaga, tunghayan, makinig, at makilahok sa talakayan. Ang ating mga* speakers, well, we have six for this forum.

The first one is Atty. Rodrigo "Rod" C. Domingo Jr. Attorney Domingo is one of the legal counsels of the class suit filed against the estate of former president Ferdinand Marcos at the Hawaii District Court.

Our second speaker, *si* Mrs. Fe Buenaventura-Mangahas, *ay dating* political detainee *at kasapi ng* Claimants 1081. *Siya ay* faculty member *sa* History Department *ng* University of the East *noong siya ay maaresto at madetine sa* Camp Aguinaldo *noong* Enero 1970. *Isa siya sa siyam na* faculty [members] *ng* University of the East, *kasama ng kanyang asawa na si* Mr. Rogelio G. Mangahas, *na pinatalsik at pinaaresto ng unibersidad sa bisa ng* Presidential Decree 1081. *Sa siyam, dalawa silang nakulong bilang miyembro ng* KAGUMA *o* Katipunan ng mga Gurong Makabayan. *Matapos ang diktadurang* Marcos *naging direktor siya ng* Women's Desk *ng* Cultural Center of the Philippines. *Naging komisyoner din siya para sa Kultura at mga Sining ng* National Commission on the Role of Filipino Women. [*Siya ay*] *nagturo at naging tagapangulo ng* Departamento ng Kasaysayan *sa* St. Scholastica's College Manila. *Sa kasalukuyan si* Mrs. Buenaventura-Mangahas *ay isa sa mga komisyoner ng* National Historical Commission of the Philippines. *Siya rin ay awtor at* co-author *ng ilang aklat pangkasaysayan, kultura, at kababaihan ng Pilipinas. Nagtapos siya ng* Teacher's Diploma in Music *at* AB [Bachelor of Arts] History *sa* UP Diliman, *ng* MA [Master of Arts] History *sa* Ateneo de Manila University, *at ngayon ay* PhD [Doctor of Philosophy] candidate *sa* University of Santo Tomas.

*Ang ikatlong* speaker *ay si* Ms. Rita Melecio *na ngayon ay* deputy executive director *ng* Task Force Detainees of the Philippines.

The fourth speaker is Dr. Meynardo Mendoza. He is an assistant professor at the Ateneo de Manila University Department of History and current director of the Southeast Asian Studies Program. He obtained his PhD in Philippine Studies from UP Diliman, with the dissertation entitled, "The Marcos Human Rights Victims: The Struggle for Justice and Reparations from 1986 to 1999" (Mendoza 2010). Dr. Mendoza's adviser was current National Historical Commission of the Philippines Chair, Dr. Maria Serena Diokno. And, of course, his critic was our very own, Dr. Ricardo T. Jose.

The fifth speaker is Mr. Roberto Diciembre who is the legislative and communications officer [of] the office of Representative Jose Kristopher "Kit" Belmonte. He is here to represent the congressman who has filed House Resolution No. 2546 at the House of Representatives encouraging the current administration to constitute

the Human Rights Victims' Claims Board. Mr. Diciembre is also a product of the UP. He finished BA Linguistics at the College of Social Sciences and Philosophy and he is finishing his MA degree in communication research at the College of Mass Communication. He was also a senior campaigner of the Freedom from Debt Coalition.

And of course, our last speaker is Ms. Karen S. Gomez-Dumpit who is the current director of the Government Linkages Office of the Commission on Human Rights.

**RODRIGO C. DOMINGO JR.** (Legal Counsel, Celsa Hilao, et al., Plaintiffs, v. Estate of Ferdinand E. Marcos, Defendant; MDL No. 840, C.A. No. 86-0390): *Magandang umaga po sa inyong lahat, kay* Director Jose *at kapwa ko mga magbibigay ng kaunting masasabi sa ating importanteng* forum today.

*Ang akin pong* [*ibabahagi*] *sa inyo ay ang . . .* Marcos human rights litigation *sa* Honolulu, Hawaii *na* [*kung saan*] *tayo ay nakakuha ng* award *na* almost USD 2 billion, *sa pamamagitan ng ating mga abogado na nagtaguyod sa ating tagumpay sa* Honolulu *at sa iba pang . . .* continents *sa mundo. Ang binabanggit ko po ay ang* almost USD 2 billion *na naging* award, *at naging pinal noong* 1995, *laban sa* estate *ni* Ferdinand Marcos (*basahin ang* appendix 2.1, 339–48). *Sapagkat po siya ay namayapa sa ibang bansa, sa* Honolulu, *ang unang hinabla natin ay siya at saka ang namayapa na rin* [*na*] *si* General [Fabian] Ver. *Ngunit ang natira po nating* defendant *ay ang* estate *na lang ni* Marcos.

*Gusto ko pong liwanagin sa inyo na ang asunto ay sinimulan ng* [*naunang*] *organisasyon . . . ang* Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA).[1] *Sa bandang huli ay sumapi po ang* Claimants 1081, *na naging* very active *sa ating pakikipaglaban sa diktadurya. Ang nasabi pong asunto ay* twenty-seven years ago. *Ito po ay nai-*file *noong pagkatapos ng* EDSA Revolution *noong* February 1986.

*Napansin ko po na ako at ang ibang mga* speakers, *sa kakulangan ng ating oras, ay dapat magpaliwanag sa inyo sa loob ng* ten to fifteen minutes. So, I will try to summarize what had happened more than twenty-seven years ago *ngayon, kaya babanggitin ko lang po sa inyo ang mga importanteng bahagi ng litigasyon.*

*Ito po ay unang-una sa* history *ng ating bansa—hindi lang sa ating bansa kundi sa buong mundo. Ito po ang kauna-unahan,* the first in history *na*

1. *Para sa detalyadong kronolohiya tungkol sa* class action suit *laban sa mga* Marcos, *basahin ang* SELDA (2013). *Para naman sa pagsusuri, basahin ang* Mendoza (2013).

human rights case, *ito po ang una rin na nagkaroon ng* award *na pinakamalaki na* almost USD 2 billion. *Ito po ang una rin na* tort case *laban sa isang* head of state, *ang diktador nating namatay, si* Ferdinand Marcos. *Ito rin po ang kauna-unahang kaso sa buong mundo na nagkaroon ng* award, *maliban sa* Holocaust case *at sa* Nuremberg Trial.

*Ang nasabi pong kompensasyon ay nagkaroon ng bunga. Iyong* recovery *po natin dito ay nagsimula noong nagregalo si* Gng. Imelda [Marcos] *sa kanyang asawa na si* Ferdinand *ng isang* Mercedes Benz *sa* Honolulu. *Kanya pong* birthday gift *iyon dahil* they fled to Honolulu after the EDSA Revolution. *At iyon po ay nakumpiska natin. Iyon pong tinitirahan nilang bahay doon ay nai-*auction *natin at tayo ay kumita po ng* USD 1 million *din. Iyon po ang mga iba pang maliliit na bagay na narekober natin. Iyan po ay mahigit na* USD 1 million. *Ang susunod pong ating kompensasyon na natanggap ay* two years ago [*kung saan*] *nakarekober tayo ng* USD 10 million *sa pamamagitan ng ating magiting na* lead counsel *na si* Robert Swift *at ng mga abogado natin na nai-*engage *sa mga litigasyon. Tayo po ay may* litigation *sa* Switzerland, *sa* US [United States], sa Hong Kong, *sa* Singapore, *sa* New York, *lahat, marami po,* several continents *sa buong mundo. Iyan po ay sa pamumuno ni* Robert Swift *na siya pong nagbigay sa atin ng kaunting* recovery *natin.*

*Ang* latest *po na* recovery *natin ay* another USD 10 million. *Nagpadala po kami ng mga* notices *sa lahat ng miyembro na* human rights victims. *Ito po ay magkakaroon ng* litigation *kung merong magoo-*object or *merong* comment *sa* recovery *natin. Amin pong inirekomenda na ang bawat isang biktima ay pagkalooban ulit ng isang* award *na* USD 1,000, *katulad po ng ginawa natin* about two years ago. *Tayo po ay nagpunta sa* Mindanao, *sa* Visayas, *at dito sa* Metro Manila at *sa opisina po ng* Commission on Human Rights. *Aming inuna na binigyan ng tseke, ng pabuya ang lahat ng mga biktima o ang kanilang mga* next of kin, *asawa, o anak na nabubuhay sa ngayon. Siguro po ang mga namatay nating mga* claimant, *mga* victims, *siguro* about *mga* 70 percent *ay wala na po dito.* So, *iyan po ang aking masasabi na pinakaimportante na nagawa natin.*

*Gusto ko pong banggitin sa inyo ang mga namatay na kasama ko dito sa* litigation. *Ang mga nanguna dito ay ang namatay* [*na*] *na si* Jose Mari Velez *na* graduate *ng* UP College of Law *na isang beteranong* newscaster *sa* TV *at sa radyo. Nandiyan din po si dating senador* Rene Saguisag *ng* San Beda College *na siyang tumulong sa amin para halungkatin ang* history, *lahat ng* [*mga* executive orders] *na na-*issue *ni* Marcos. *Kasama rin po si* Atty. Ruben Fruto *na isang produkto naman ng* Ateneo de Manila [University] College of Law at *siya po* [*ay*] *presidente ng iba't ibang organisasyon at*

*lumaban din po sa diktadura. At ang inyong abang lingkod.* So, *iyon po ang mga tao na* behind *dito.*

*Ang huling-huling sasabihin ko lang po sa inyo ay ang kompensasyon na pinirmahan ni Presidente* [Benigno] Aquino [III] *noong* Pebrero *nitong taon* [2013] *na ito* [*ay*] *hanggang ngayon po ay hindi pa naipatutupad. Ang* Compensation Board *na dapat na i-*appoint *niya* from among the nominees of the different human rights organizations *ay hindi pa kumikilos. Katulad po ng sinabi ni* Cong. Edcel Lagman, *tatlong klase po ang batas natin*: *mayroong* good law, *mayroong* bad law, *at ang huling-huli po ay* dead law. A*ng* Republic Act (RA) 10368 (*basahin sa* appendix 2.2, 349–64) *ay malapit nang maging* dead law. Although this is a good law but *kung wala pang naa-*appoint *na* members *ng* Compensation Board, *walang gagawa ng* implementing rules and regulations (IRR), *at hindi po maipatutupad ang magandang batas na ito.*

**FE BUENAVENTURA-MANGAHAS** (DATING BILANGGONG PULITIKAL AT MIYEMBRO, CLAIMANTS 1081): *Salamat* Attorney Domingo. *Salamat din* Dr. Rico Jose *sa paanyaya, sa ating mga kasamang tagapagsalita, magandang umaga, sa mga guro, estudyanteng naririto.*

*Una sa lahat, gusto kong sabihin na ang mga biktima ay naghabla hindi dahil sa pera-pera lamang. Dahil kung iisipin ninyo, ang mga nangyari noong panahon ng batas militar sa mga nakibaka para mawakasan ang diktadura ay talagang isang* horrendous period in our history. *At ako po ay* eyewitness *kung paano tinortyur, pinatay, ni-*rape *iyong mga babae,* disappeared, *nawala na lang, at* totally *walang kalayaan* [*dahil sa laban sa*] *pagbabalik ng demokrasya. Kaya isa po iyong mahalaga na dapat nating alalahanin.*

*Ngayon, gusto kong ipaalam sa inyo na ang* Claimants 1081 *ay nabuo noong* 1994. *At ang miyembro namin ay mga may* 3,000. *Ang biktima ay mga* around 10,000, something like that, *mga* 9,000 *iyong mga na-awardan sa* Hawaii Court, *at ang karamihan diyan galing sa* SELDA *at iba pang* human rights groups (*basahin ang* appendix 2.3, 365–76, *kung paanong naging mahirap na usapin sa pagresolba ng kaso ang dami ng mga naghabla*). *At ang* Claimants 1081 *ay miyembro ng* Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA). M*asasabi kong isa kami sa masigasig na nagtaguyod ng kaso sa* Hawaii.

*Ngayon, gusto kong ikuwento ang pangyayari* after, *iyong mga* gaps, Attorney [Domingo]. *Kasi kung maalala ninyo—naaalala ko—tamang nagkaroon ng* award *na* USD 2 billion *sa* Hawaii, *pero nasaan ang pera? Wala. Kailangan ay may makuhang nakaw na yaman nina* Marcos. *At iyan*

*ay pinagdedebatehan* every inch of the way *kung* ill-gotten wealth *nga ba iyan o hindi* (*basahin ang* appendix 2.4, 377–88). *Sa* America *at saka dito*. So, *kung magtatanong, may nakuha na ba? Mayroon, pero sa punto de vista po naming mga biktima—di naman paghamak sa ginagawa nina* Attorney Swift *at* Attorney Domingo—*pero talagang patak-patak. Parang madalang na ulan sa tag-araw. Kasi* USD 20 billion, *at sa ngayon, ang nakukuha pa lang ay* USD 2 million, *at* out of that, *bawat biktima ay binigyan ng* USD 1,000. *At mayroong darating ulit sa* 2014 *na* another USD 10 million *at* another USD 1,000 *sa biktima. Ano ito?*

*Ang una sa nakuhang pag-aari* [*ay*] *ari-arian ng* crony *ni* Marcos na si [Jose] Campos *sa* America. *Iyong pangalawa naman ay* painting *ni* Imelda *na pag-aari na raw ng kanyang sekretarya*. So, *kung iisipin natin, talagang wala pang nakukuhang direkta mula sa kina* Marcos. *At saka—pero sa bagay, kung iisipin naman natin, kung maghahablahan—sabi nga ng mga* attorney—*matatagalan at magastos. Saan kukuha ng gagastusin? Karamihan sa mga biktima ay nagkaka-edad na, may sakit na, marami na ang nangamatay*. So, for practical reasons. *Pero talagang wala pang malaking tagumpay itong kompensasyon.*

*Mayroon namang isang magandang balita noon, hindi ba* Attorney [Domingo]? *Isinuko ng* Swiss banks *ang* more than USD 300 million. *Nilagay ito para nga sa* compensation *ng mga biktima. Nilagay ito sa* escrow *ng* Philippine National Bank (PNB) *pero pinagdebatehan na naman kung puwede ba itong i-*distribute *dito sa* Pilipinas. So, *sa haba-haba ng debate*, from PNB *napunta na ito sa* National Treasury. *Delikado kapag napunta na sa* National Treasury. *Nasa kamay na* [*ito*] *ng* Malacañang *at puwede na nilang gamitin. At nagdaan iyan sa kamay ni* Erap [Joseph Estrada], *ni* GMA [Gloria Macapagal-Arroyo], *alalahanin ninyo. Wala pa noon si* [Corazon] "Cory" [Aquino] *at si* Fidel Ramos. *Nakakatuwa talaga ang* Pilipinas, *talagang nagkaroon na ng* EDSA *pero naiwan iyong mga* remnants *ng diktadura mismo at ihinahalal pa ng tao, hindi ba? Iyon nga ang isang napakalaking problema natin.*

*Kaya iyon namang naideklara ng* Supreme Court—*dahil nangangailangan ng declaration,* Attorney [Domingo]—*tumutol naman ang* Philippine Commission on Good Government (PCGG), *iyon mismong inatasan na hanapin ang mga yaman ng mga* Marcos *at siyang tumulong ay sila pa ang humaharang* [*sa pagbigay ng* compensation] *at sinasabing ayon daw sa* Konstitusyon, *ito raw ay para sa* land reform *at walang probisyon para sa mga* victims. So, *wala na naman ding nangyari. Kaya ang* claimants *ay may dalawang naging tugon. Una, iyong paghahain ng kaso sa* Makati Regional Trial Court (RTC) *para iyong* judgment *ng* Hawaii *ay maging*

effective *din dito, tanggapin din sa* Pilipinas. *At iyong isa ay iyon ngang* Compensation Bill *na nalagdaanan ni* Presidente [Benigno] Aquino [III] *nitong* 25 February 2013. After twenty-seven years, *sabi nga ni* Attorney [Domingo].

So, *napakahaba ng naging proseso at kung ilalahad ko sa inyo ang* feelings *ng mga* victims *na kitang-kita naming naglulupaypay sa panahon ng pakikibaka para lang magkaroon ng* bill *na ito, na talaga namang sinasabing isang tagumpay sapagkat, "Sa wakas!" sabi nga ni* Attorney [Domingo], *ay mayroon nang desisyon na talagang mayroong biktima ng* martial law *sa* Pilipinas. *Hindi na puwedeng itatwa ni* [Ferdinand] "Bongbong" Marcos [Jr.] *na hindi nangyari iyon, hindi ba? At karamihan ng sumali sa* Claimants 1081 *ay iyong mga biktima na halos ayaw na ngang lumitaw pero napilitan para lamang ipakita kina* Marcos *na talagang libo-libo ang naging biktima. Iyon iyong katotohanan.* So, *ngayon umaasa tayo na ang* RA 10368, *iyon ngang* compensation law *ay maipatutupad, pero sabi nga ni* Attorney [Domingo], *nakabitin pa. Bakit? Sapagkat hindi pinipirmahan ni* President Aquino [III] *o hindi binubuo ang* Compensation Board *na siyang gagawa naman ng* IRR. *Kasi, hindi* self-executory *iyong batas. Kailangan ng* board *at kailangan ng* IRR. So *ganoon na naman kalabo ang sitwasyon. At tila walang kumikilos* Attorney [Domingo]. *Hindi ko alam kung ang mga biktima mismo ay napagod ba o ano ba? Hindi nag-uusap-usap. Ano ba ang nangyayari? Lahat ng mga* nongovernmental organizations *sa* human rights ay *tila walang ginagawa. Mayroon din kaming mga pagkukulang.*

*Pero bilang pagtatapos, gusto kong sabihin na isang tagumpay talaga ang* compensation law. S*apagkat,* [and] I am quoting from the statement of Claimants 1081 [made last] 25 February [2013]:

> The State recognizes the heroism and sacrifices of the Filipinos who were victims of summary executions, torture, involuntary disappearances, and human rights violations committed during the martial law regime, thus, unequivocally setting down its judgment of martial law in the country. It acknowledges the State's moral and legal obligation to recognize and compensate the victims and/or families for the deaths, injuries, sufferings, deprivation, and the damages they suffered under the Marcos regime. The law provides not only for monetary and non-monetary compensation like education, health services, livelihood, but also the setting up of museums to honor the heroes and martyrs of the period and the inclusion of the martial law period in the curriculum or teaching of history.

> This will clarify the lessons that should be taught and propagated among the youth and students about our own recent past. This can prevent attempts at rewriting and distorting our history.

*Pero tama si* Attorney Domingo. *Hanggang ngayon nananatiling pangako, nananatiling papel lamang ang* RA 10368. *Kaya tatanungin natin, sino ba ang dapat kumilos para kumilos ang* Malacañang? *Ano ba ang pumipigil sa* Malacañang? *Matatapos na ang termino ni* PNoy [President Benigno Aquino III]. *Maipagpapatuloy at ipapatupad ba ito? At kung tumakbo si* Bongbong [Marcos], *ano na kaya ang mangyayari, hindi ba? O kung sinuman ang mga kaalyado niya. Ano ang epekto sa kompensasyon sa* [*paparating*] *na pagbubuwag ng* PCGG? *Isa ring katanungan iyan. Bakit walang* accounting *ang* PCGG? *Hindi natin alam kung paano na. Saan napunta ang pera? Saan gagamitin, hindi ba? At saka, ano ang epekto ng kawalan ng linaw ng kaso natin na inihain sa* Makati Regional Trial Court?

*Nakapanghihina ng loob ang ganitong mga katanungang tila walang tiyak na kasagutan. Kung alam lamang ng kabataan kung gaano kahirap, kabaluktot ang* just-*tiis* system *sa ating bansa, baka kung saan humantong ang ganitong pakikibaka. Manhid ang hustisya sa* Pilipinas.

**RITA MELECIO** (PANGALAWANG TAGAPAGPATUPAD NA DIREKTOR, TASK FORCE DETAINEES OF THE PHILIPPINES): *Magandang umaga po sa inyong lahat. Isa pong malaking karangalan na maimbita at maibahagi din ang mga kontribusyon ng* Task Force Detainees of the Philippines (TFDP) during the height of martial law. So, *unang una, ang* TFDP *ay nabuo noong* 1974 *at binuo siya ng* Association of Major Religious Superiors of the Philippines. So, *mga pari at saka mga madre iyon na kung saan ang* former chairperson *namin ay si* Sr. Mariani Dimaranan, *na isa ring biktima noong panahon ng* martial law.

According *sa aming* statistics, there are more than 11,000 victims documented *simula noong* 1972 *hanggang* February 1986. So, *iyong mga biktima na iyon ay mga biktima ng* enforced disappearance, torture, massacre, arrest and detention, salvaging, *at saka iyong mga* physical assault, *at marami pang ibang mga* violations (*para sa dokumentadong mga halimbawa, basahin ang* appendices 2.5, 389–96, *at* 2.6, 397–406). *Bakit ito lang iyong nadokumento natin? Hindi natin ibig sabihin na ito lang iyong mga biktima. Kasi noong* after *kong pumasok sa* TFDP *noong* 1988, *nakapagdokumento pa rin kami ng marami sa mga* far-flung barangays *sa* Mindanao. *Kasi taga*-Mindanao *po ako*. So, *marami pang* undocumented

*na mga biktima. Sinasabi natin na* [*may*] *napakalaking* [*pagkukulang*] *iyong pinirmahan na batas, kasi may mga hindi nakasama doon. Kaso lang po, ang problema natin ay nabitin po iyong batas.*

So, *ang* TFDP *po ay* [*mayroong*] museum *na tinatawag namin na* Museum of Courage and Resistance. *Sa* office *lang po namin iyon. Marami doon iyong mga* paintings, *mga tula ng mga* political detainees at *saka iyong mga* handicrafts *nila. May mga* pictures *din po doon si* [Ferdinand] Marcos *at saka iyong mga biktima. At* [*nan*]*doon din iyong mga* documented cases *namin* na *nakalagay sa isang* steel cabinet *namin.* So, *bakit namin pinut*-up *ito? Para hindi natin makalimutan iyong mga* horrible *na pangyayari noong panahon ng* martial law.

The right to reparation is important for the human rights victims—as part of the healing process for the trauma they have experienced. But we should not also forget that there should be justice for the victims. The perpetrators should be brought to justice and should be prosecuted to end impunity in our country. *Kasi, kahit na sabihin natin na demokrasya na tayo* after EDSA, *kaya lang,* according to our statistics, *marami pa ring mga paglabag ng ating mga karapatan. Kahit mayroon na tayong* Anti-Torture Law *noong* 2009, *marami pa rin kaming nadodokumento na mga* torture victims. So *kahit na demokrasya na, hindi naman nire*-recognize *ng ating presidente ang* existence *ng* political detainees *ngayon.*

As of 31 August [2013], we have documented more than 300 political prisoners and detainees languishing in different detention centers across the country. *Hindi lang po* civil and political rights *ang ipinaglalaban nila. Mayroon nang* economic, social, and cultural rights. *Kasi iyong mga kapatid natin na mga* indigenous peoples *na nakipaglaban sa mina at para sa kanilang* ancestral domain, *kapag hinuhuli sila ay ikinukulong.* Political detainees *din po ang* category *nila. At saka iyong mga kapatid din natin na mga magsasaka na nakipaglaban* [*para*] *sa lupa na sinasaka nila, ganoon din. Siguro, hindi sila nare*-recognize *ng gobyerno dahil sabi ni* [President Benigno Aquino III] *ay pinalaya na po sila noong panahon ng nanay niya. At ang mga ikinaso naman sa kanila ay mga* common crimes, *hindi rebelyon, kasi* lifted *na iyong* RA 1700 (Anti-Subversion Act).

*Kaya ganoon po ang sitwasyon natin ngayon.* So, *sa inyong mga kabataan, ano ang gagawin natin?* We should be vigilant still to assert and fight for our rights so that there is no repeat of the history. *Kasi, kahit na sabihin natin na demokrasya na at hindi na kagaya noon iyong* violations, still [*may*] violations *pa rin . . . mayroon pa ring paglabag, so* never again to martial law. *Iyon ang dapat nating bantayan. Kasi parang sa tingin namin,* according

to our documentation, *parang* martial law *pa rin kahit na demokrasya na.* So, *iyon lang po ang maibabahagi ko. Maraming salamat.*

**MEYNARDO P. MENDOZA** (KATUWANG NA PROPESOR, UNIBERSIDAD NG ATENEO DE MANILA): *Magandang umaga po sa kanilang lahat*, kay Attorney [Domingo], *sa mga tagapagsalita, sa mga* faculty *at estudyante ng* UP. *Dalawa po iyong gusto kong gawin ngayon. Iyong una po, gusto kong ipakita sa inyo na iyong* compensation *ay isang bahagi ng isang mas malaking* phenomenon *para panagutin o* to call into account *iyong mga* perpetrators *noon. Pero iyong tinatawag nating* to repair historical injustices: *kung paano mong sinasagot, kung paano mo isinasara, kung paano nagkakaroon ng* historical closure. *Iyong pangalawang aspeto, gusto kong magbigay ng konting kuro-kuro at komento tungkol doon sa* class suit, *iyong* MDL 840 *na nangyari sa* Hawaii, *iyong binabanggit po ng ilan sa ating mga tagapagsalita*.

*Unang-una po, iyon pong* reparations is part of a worldwide phenomenon. *Kapag sinabi po nating* compensation, *parang ang mas malaki pong konsepto ay iyong* reparations. Compensation forms a part of a larger attempt at repairing historical injustices. *Noong nakaraang siglo, napakaraming mga* impetus *ang nagtulak para magkaroon ng tinatawag nating* reparations. *Isa dito iyong* Holocaust. *Kung dati ang* reparations *ay sa pagitan ng mga estado, ngayon nagbago. Iyong* reparations *ay hindi na lamang binibigay sa estado kundi sa mga indibidwal. Kasi po iyong* Holocaust, *hindi lamang iyong mga* Jews *iyong tinarget, kundi iyong mga* homosexuals, political opponents *ng* Nazi regime, *at saka iyong may* [*mga*] physical handicap.

*Noong mga* last quarter *ng nakaraang* century, *nagkaroon din ng tinatawag natin na* collective remorse. *Halimbawa, iyong* first world countries, *sabihin na nating sinakop iyong mga dating* ethnic minorities. *Halimbawa diyan iyong kaso ng* Australia *at mga* aborigines. *Kaya kung natatandaan natin, si* [Prime Minister] Kevin Rudd *ay humingi ng paumanhin doon sa mga* aborigines [*na*] *pinilit isama doon sa mga* white families. *Sa* Canada, *iyong mga* ancestral domains *ng mga tinatawag nating* First Nations *ay ibinalik iyong lupa. Ilan lamang ito sa mga halimbawa.*

At the same time, *lumabas din iyong mga* atrocities *na nangyari* during the Second World War *na hindi lamang tungkol sa* Holocaust. S*a* Asia, *halimbawa*, *iyong* issue *ng* comfort women: aside from compensation, *ang hinihingi ng mga* comfort women is apology and also for the Japanese government to recognize, acknowledge, and add in their history books *iyong mga* atrocities *na ginawa ng kanilang mga tropa.*

And then also, *nagkasabay* toward the latter part, *iyong* collapse of the authoritarian regimes and also *iyong* apartheid. And then *nagkaroon ng* transitions to democratic rule . . . *Paano natin papanagutin iyong mga nagkasala, lalo na iyong mga diktador? Naging malaking usapin ito hindi lamang sa mga* human rights community *pero pati na rin sa mga tinatawag natin na* scholars. So *itong mga panahon na ito, maraming lumalabas na ngayon sa* Facebook, repairing historical injustices, coming into terms with the past, *at saka iyong tinatawag nating* effective closure.

*Maraming paraan para magkaroon ng* reparations . . . *Unang una, iyong tinatawag nating* trials or prosecution. *Ang pinakamagandang halimbawa ay iyong* MDL 840 *noong na-*prosecute *si* [Ferdinand] Marcos. *Pero mayroon pang iba. Halimbawa, si* [Augusto] Pinochet *kung natatandaan natin,* although *namatay na nga lang, siya ay taga-*Chile *at noong nagpunta siya sa* Britain, *hinuli siya* on the basis of a warrant *na ini-*issue *ng isang* Spanish court, so *nag-iiba talaga. Ngayon, ang mga* trials, *halimbawa iyong* Khmer Rouge, sponsored *iyan ng* United Nations *at ilang mga bansa, ng* International Criminal Tribunal for Rwanda, Yugoslavia.

*Isa rin, ang puwedeng ginagawa ng iba, iyong tinatawag nating* "truth-telling" *na ang pinakakilala ay iyong* South Africa. Although *ang unang gumawa nito ay ang* Argentina *na lumabas noong* 1982 *yata,* 1983 *o* 1984, *iyong* "*Nunca Mas/*Never Again." *Dinedetalye dito iyong mga* atrocities *na nangyari sa* Argentina. Although, *ang alam natin ay hindi talaga ito natuloy dahil nagkaroon ng* coup d'etat.

*Ang puwede rin ay iyong tinatawag nating* "apologies." *Ang puwedeng halimbawa, katulad ng ginawa ni* Kevin Rudd *na humihingi ng kapatawaran doon sa mga nagawa. Ngayon, gusto ko lang sabihin na mayroong* "failed apology." *Mayroong nagsasabi ng* apology, "I am sorry," *pero hindi ibig sabihin noon ay tinatanggap na ng publiko. Halimbawa dito ay iyong si* [Richard] Nixon. *Nag-*sorry *siya* for the Watergate scandal, *pero ang tinatanong naman talaga ay "Kino-*conceal *mo ba ang* scandal?" And then *iyong* classic case *ni* Gloria Macapagal-Arroyo. *Nag-*sorry *siya at sinasabi niya na nagkaroon lang siya ng* "lapse in judgment." *Pero ang talagang tinatanong ng tao ay, "Nandaya ka ba sa eleksyon o hindi?"*

*Ang isa pa ay iyong tinatawag nating* "restitution." *Sa* restitution *ay ibinabalik kung ano iyong ninakaw, kung ano iyong kinuha.* So, *puwedeng, halimbawa, isauli, ang gaya noong mga nabanggit kanina. Puwedeng lupa, puwedeng* artworks, *puwedeng pera. Pero para sa akin, kung nabalitaan ninyo, pinakamagandang halimbawa ng* restitution *iyong nangyari sa* Argentina. *Noong panahon ng diktadura*, from 1976 to 1982, *maraming mga* detainees *na babae ang buntis. Noong nanganak sila, hindi na ibinigay*

*sa pamilya iyong kanilang anak at ipinamahagi kung kani-kanino. Ibinigay sa mga militar, ibinigay sa pulis, ibinigay sa sundalo, so marami. Ang dahilan nila* is that *hindi na ulitin iyong mga pagkakamali ng kanilang mga magulang na lumaban sa estado. Ngayon, mayroong grupo ng mga lola na tinatawag na* Abuelas [Asociación Civil Abuelas de Plaza de Mayo (Grandmothers of the Plaza de Mayo)]. *Nag-umpisa sila noong magkaroon ng duda: "Ang alam ko, iyong anak ko, buntis noon. Saan na napunta iyong anak?"* So, *nagkaroon ng isang napakalaking* effort. *Dito pumapasok iyong gamit ng* science. *Sa pamamagitan ng* DNA, *nakita nila na iyon palang mga apo nilang nawawala ay nandito sa mga pamilyang ito at hindi man lang naibalik. Patuloy pa rin iyong kasong iyan at* very inspiring.

*Isa rin dito iyong* "compensation." Compensation is, *katulad ng nangyayari ngayon,* in financial terms. *Pero tandaan natin na ang* compensation *ay hindi lang pera. Maraming paraan ng* compensation. *Halimbawa, sa* Latin America, *iyong mga anak ng mga, halimbawa, desaparecidos, hindi lang sila binigyan ng pera, binigyan din sila ng hanapbuhay, binigyan din sila ng pabahay, at higit sa lahat, iyong iba dito ay* exempted from military service. So, *hindi lang pera. Maraming paraan para i-*compensate *iyong mga naging biktima at ang kanilang mga anak na naulila.*

*Sa* Eastern Europe, *iyong isang partikular na nangyari ay iyong tinatawag nating* "lustration." Well, *ibang iba talaga iyong ibig sabihin ng* lustration *na ginamit noong panahon ng mga Romano at sa kasalukuyan. Pero, ang ibig sabihin nila siguro ay* in the simplest terms: *iyong mga miyembro ng* security apparatus, *ng* military, *hindi na pinabalik iyon. Sayang nga at hindi nangyari sa atin ito. Kung nangyari sa atin ito ay ang laking menos sa* human rights violations *na nangyari* during the Cory [Aquino] administration *at pagkatapos.*

*Pero gusto ko ring sabihin na mayroong* moral reparations, *halimbawa, iyong* commemoration, *iyong* memorialization *na katulad ng ginagawa sa* Bantayog ng mga Bayani, sa TFDP, *at higit sa lahat—ang nakakagawa pa lang nito* is South Africa—*iyong* history writing. *Alam natin na ang isang isyung katulad ng* martial law *ay* very contentious. *Palaging pinag-aawayan kung sino ang tama at sino ang mali. Pero* South Africa was able to come up with a shared history *na* both victims and perpetrators *naniniwala o tinatanggap na ganito iyong nangyari* during that time.

Reparations can affect closure. *Posible. Halimbawa, para sa akin, may tatlong elemento ito. Una, iyong katotohanan o* truth. *Ibig sabihin, malaman mo talaga kung ano ang nangyari* during the time of martial law. *Importante ito [na] malaman ng mga tao. Halimbawa, lalo na doon sa mga nawala, lalo na doon sa mga namatay, ay ano ba talaga ang nangyari? Kasi marami pa*

*tayong desaparecidos. Hindi pa rin natin alam kung ano ang tunay na nangyari. Iyong katotohanan, importante rin* because it is the basis for compensation. *Doon mo malalaman, ito ang magiging batayan natin, kung sino ang tinorture, sino iyong nakulong, sino iyong ginahasa,* etc. *Importante rin iyong* justice. Although *medyo mahirap ito, pero mahalaga. Kung hindi man halimbawa mapatalsik, siguro mayroong paraan* to do justice, *halimbawa ay makasuhan man lang,* if ever. Finally, compensation *na katulad ng sinabi ko. Ang gusto ko lang bigyang diin,* of course, *itong* truth, justice, *at* compensation, *ay puwedeng isa, puwedeng dalawa, puwedeng tatlo, depende iyan sa* gravity of the crime committed. *Pero* in the end, *ang gusto kong sabihin, iyong* full satisfaction cannot be attained. *Nasa tao pa rin iyon. Nasa biktima pa rin iyon.* No amount of compensation can bring back life, can bring back the victim. *Hindi na puwede iyon.* And again, moving on is still an individual choice. *Ang maganda dito nga ay iyong nangyari sa* Argentina. *Iyong mga lola,* they have moved on. *Ginamit nila iyong paghahanap sa kanilang mga apo. Pero may tinatawag na* "Madres del Plaza de Mayo" (Mothers of the Plaza de Mayo). *Iyong mga nanay ng mga nawala, hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin na tuwing* Huwebes *ng hapon ay nandoon sa harap ng* torture site, *sa* ESMA [Escuela de Mecanica de la Armada], *at patuloy pa rin. Ngayon, sinabi ng iba, "Dapat mag-*move on *na kayo, dapat tanggapin niyo na."* In the end, *sa maraming kaso, hindi mo naman talaga makukuha iyong* full satisfaction.

*Iyong* MDL 840, *gusto ko lang balikan iyong sinabi nila, totoo talaga iyon. Napakaraming* "firsts" *ang na-*accomplish. It was first filed in 1986. *Ang ginamit na batas ay iyong* [ATCA (Alien Tort Claims Act)]. *Alam niyo namang tumakbo si* Marcos *sa* Hawaii. *Ngayon, kinuwestyon iyon. Bakit mo hahabulin sa* Hawaii *kung iyong* crimes *ay nangyari sa* Pilipinas? So, *ang ginamit na batas ay iyong* ATCA. *Kung napanood niyo iyong* "Amistad" (Spielberg 1997), *iyong* slave ship, *iyon iyon e. Doon unang ginamit iyon kasi ang* ATCA is customary law, *ibig sabihin, kung anong batas iyong nire-*recognize—*hindi batas e kundi iyong moralidad, iyong etika, na ginagamit ng mga bansa—kaya,* again, doon *sa* "Amistad" *ang nagkaroon ng* jurisdiction *ay ang* America, although, *iyong* ship is Portuguese. *Iyon iyong ginamit na konsepto. Puwede nating habulin si* Marcos *sa pamamagitan ng* ATCA *dahil sa mga* human rights violations *na ginawa nila dito sa* Pilipinas. *Noong unang na-*file *iyan noong* 1986, *na-*dismiss *iyan. Malakas iyong* "act of state" law. *Ang paniniwala noon sa* legal circles *ay iyong* act of state is beyond the legal domain. *Hindi mo puwedeng ihabla iyong estado dahil sa mga ginawa niya. Ngayon,* it was refiled in 1992. *Mahalaga ring banggitin*

*na iba na kasi iyong ating* human rights regime. *Na-*debunk *na iyong* act of state doctrine.

*Pangalawa, hindi lang* ATCA *iyong ginamit. Sa* US, *hindi ko alam kung anong taon,* [19]88 *o* [19]89 yata, *may lumabas na* TVPA *o* Torture Victim Protection Act. It was the result of many cases. *Kasi marami ring mga diktador na nagpunta sa* Amerika. So *hinabol na, hinabol din iyon.* Isa *dito iyong* Manuel Noriega case *na nangyari sa* Panama. So based on that *nagkaroon na ng* Torture Victim Protection Act. *Iyong* ATCA *kasi* lays the basis for prosecuting or for putting into account Marcos. *Iyong* TVPA laid the basis for compensation. *Ano iyong batayan mo kung bakit ka nagkaroon ng ganitong kalaking* account? *Iyon iyong* TVPA. *Maraming na-*achieve *iyan.*

*Kaya lang, ang gusto kong sabihin maraming limitasyon din ang* MDL 840. *Unang una,* it is a civil case and not a criminal case—*kung mali po ako, paki-*correct *na lamang po ako—sa pagkakaintindi ko po*, it is a civil case, *hindi siya* criminal. *Kumbaga, parang* negotiation *o* settlement. *Pangalawa*, compared *sa ibang* court *o sa ibang* prosecution, *na kung saan, halimbawa sa* South Africa, *nako-*confront *mo iyong* perpetrator *mo, nakikita mo, nasasabi mo, nagkakaroon* in the sense *ng* catharsis. *Ngayon, iyong* MDL 840, *nangyari sa* Hawaii *at dalawang linggo lang iyon*. And then *ang ginawa nga ay nagdala ng ilang mga testigo at nagkaroon ng kaso. Ngayon, nakakalungkot din.* Who remembers this class suit, especially *iyong dalawang linggo kung saan nagbigay ng testimonya iyong* human rights victims? *Hindi naging popular ito. Hindi ito naintindihan o napaabot sa nakararaming* Pilipino. *At higit sa lahat, hindi na natin nakikita iyong* significance.

*Ito ngayon iyong* crux of the matter. On the one hand, you have compensation *o iyong tinatawag nating* reparations *na isinusulong ng* Marcos human rights victims. On the other hand, it runs against the state's drive to reform the Constitution. Unique *po kasi ang rehimeng* Marcos. *Hindi lang po siya diktadura, kleptokrasiya rin po siya. Marami rin po talagang ninakaw. Kaya ang unang* EO [executive order] *na ginawa ni* Cory [Aquino] was to establish the PCGG to run after the Marcos ill-gotten wealth. And *noong* 1 April 1986, the PCGG filed a letter to the Swiss authorities for the recovery of the ill-gotten wealth. And again, *para sa* PCGG, the state's claim to Marcos ill-gotten wealth is superior to human rights [victims' claim]. I think *dito nanggagaling kung bakit iyong* PCGG *ay palaging kinokontra ang* claims *ng* Claimants 1081. *Kumbaga, parang dahil na rin sa batas,* dahil *sa* CARP *o* Comprehensive Agrarian Reform Program, *sinasabing lahat ng makukuhang pera na galing sa* ill-gotten wealth *ay ilalaan para sa* agrarian reform. *Kumbaga, nagtutunggalian*

*talaga. Sa isang banda ay hinahabol mo iyong* Marcos ill-gotten wealth *para sa* agrarian reform, and at the same time, *gusto mo rin talagang ma-*compensate *iyong mga biktima ng* martial law. So, *talagang umpugan iyon.*

*Ito iyong akin.* Number one, *noong inumpisahan talaga iyong kaso,* well, *binabalikan ko talaga iyong mga dokumento, malinaw naman doon sa mga unang nag-*file, *lalo na noong* 1986 *at katulad na lang po noong sinabi ni* Mrs. Fe Buenaventura-Mangahas, it was not about money. *Noong na-*file *iyong kasong iyan*, it was about making people remember what martial law was all about and it should not ever happen again. *Kaya lang, nagkaroon ng napakamasalimuot na mga pangyayari* over the past several years. *Ang nangyari pa nga ho, nahati iyong* human rights community. *Pati iyong* claimants, *nahati.*[2] *Nagkaroon ng* SELDA, ng Karapatan [Alliance for the Advancement of People's Rights]. *Masalimuot po iyon kaya ayoko na magbanggit tungkol doon. Ang gusto ko lang sabihin* is, *balikan ko lang*: truth, justice, *at* compensation. *Nagkaroon ba ng* element *ng* truth? *Hindi na. Kasi noong unang taon ni* Cory [Aquino], *si* Senator [Jose W.] Diokno *nagkaroon ng* Presidential Committee on Human Rights. *Ito sana iyong gusto niyang gawin, kaya lang, iyong* transition *natin* to democratic rule was very chaotic. And later on, *habang nakaupo si* Cory [Aquino], *wala siyang ibang paraan kundi sumandig sa* Armed Forces [of the Philippines] *na talaga namang* mga human rights violators. So, *mapapaisip ka, nakakainis lang na kung sino pa iyong nagparusa, siya pa iyong nag-*save *sa demokrasya noong* 1986, in a way, *sa isang banda.* So, *hindi natin nagawa—namatay si* Senator Diokno. How do you go after the military who are trying to save you from rebel elements? *Pangalawa*, justice. *Lalong hindi na rin.* So, *ang puwede na lang talaga* is compensation. So *medyo malakas iyong* [*kaso*] *natin dito. Gusto ko ring sabihin na ayokong magkomento tungkol sa pera. Ibang usapan iyan. Kung may makukuha ka talaga*, very good. *Pero sa atin,* I think *ang pagkukulang natin ay dapat gumawa talaga tayo ng isang* shared history about martial law. Again, commemoration: *mayroong* moral reparations *na dapat ay ginagawa ng mga historyador na katulad namin. Kasalanan namin ito, sa isang banda.*

So, *huli na lang iyong* RA 10368. *Mahalaga ito*, although *hindi pa talaga napu-*fulfill for several reasons. Number one, *ini-*acknowledge *ng*

---

2. *Basahin ang* SELDA (2013, 6ff.) *para sa kanilang salaysay sa pagkakahati ng mga* claimants *at kalaunang pagkikipagtunggali ng* SELDA *sa iba't ibang partido na sa kanilang palagay salungat o wala sa interes ng mga ito ang kapakanan ng mga biktima ng batas militar.*

*estado iyong paghihirap at sakripisyo ng mga* Marcos human rights victims. So, *importante iyan, ini-*acknowledge. For the past twenty-plus years *hindi ina-*acknowledge, *mula kay* Cory [Aquino] *hanggang kay* Gloria [Macapagal-Arroyo], *hindi ini-*acknowledge (*basahin ang* appendix 2.7, 407–12). *Ngayon lang ini-*acknowledge *sa bagong administrasyon iyong paghihirap nila. Pangalawa, may pera. Naglaan ng* PHP 10 billion. Actually, *maliit nga iyon. Ang naibigay po sa atin, iyong galing sa* Swiss accounts *ay* USD 628 million, something like PHP 58 billion. *Ang ibibigay sa kanila ay* PHP 10 billion *lang. Tingnan ninyo po: lumabas iyong* Supreme Court decision *noong* 1999, then *na-*finalize *ng* Supreme Court *noong* 2003 *na iyong* USD 628 million, *hindi kay* Marcos *iyan kundi sa estado.*[3] The following year *ay eleksyon at ang hinala ko po talaga, iyong* fertilizer fund scam *ay galing po diyan.*[4] Although, *hindi ko po talaga alam at gustong gusto kong malaman talaga. At palagay ko ay posible. Hindi kataka-taka. Alam niyo po, iyong* RA 10368 completes the Swiss court requirements to compensate the victims. *Kasi noong lumabas iyong* Swiss court decision, *lalo na noong ibinibigay iyong pera sa atin, may* collatilla *po doon na mayroon talaga dapat na pera para ilaan ng gobyerno para sa* human rights victims. *Iyon lamang po ang gusto kong sabihin. Marami pong salamat sa kanila.*

**ROBERTO DICIEMBRE** (OPISYAL PAMBATASAN AT KOMUNIKASYON, TANGGAPAN NI JOSE KRISTOPHER "KIT" BELMONTE, KINATAWAN SA MABABANG KAPULUNGAN NG IKA-ANIM NA DISTRITO NG LUNGSOD QUEZON): *Magandang umaga po sa inyong lahat. Unang-una, maraming salamat po sa inyong imbitasyon, sa* TWSC. *Pangalawa, humihingi po ako ng paumanhin at hindi po makakarating ngayon si* Cong. Kit Belmonte. *Iyong unang dahilan na pinadala namin ay dapat ay may* House Committee on Justice Committee meeting *ngayon pero dahil* marathon *iyong* 2014 budget *sa* plenary *at miyembro po si* Congressman [Belmonte] *ng* Committee on Appropriations and, at the same time, *siya din ang* assistant majority floor leader, *kaya* busy *po siya ngayon sa loob ng plenaryo. Sa mga nakakakilala po kay* Congressman [Belmonte], *naging aktibista siya noong pagpasok niya sa* UP [*noong*] 1982. So, *marami po sa mga biktima ng* martial law *ay kaibigan niya. Marami rin sa mga kaibigan niya ang namatay.*

---

3. USD 658 million *ang tamang halaga ng perang nasa escrow sa* Philippine National Bank *noong* 31 Enero 2002. *Ibinaba ng* Korte Suprema *ang nasabing desisyon noong* 15 Hulyo 2003 (*Republic of the Philippines v. Sandiganbayan, Marcos et al.*, G.R. No. 152154).

4. *May ganito ring paghihinala ang* SELDA (2013, 19–20).

RA 10368. *Kaya lang*, fifteenth Congress *iyong gumawa nito at ngayon po, bilang* congressman *ng* District Six *ng* Quezon City, first term *po niya, sa* sixteenth Congress, *inaasahan po namin na tuloy-tuloy na iyong pag-*implement *noong nasabing batas.*

*Binigyan namin ng* benefit of the doubt *iyong* Office of the President *dahil panahon ng eleksyon noong pinirmahan iyong batas. May mga bagay na hindi dapat gawin ang pangulo o ang* [chief] executive *tuwing panahon ng eleksyon. Ngunit tapos na po iyong eleksyon at nag-*deliver *na po siya ng kaniyang* State of the Nation [Address]. *Umabot doon sa punto na* after six months *ay nagsalita po iyong mga* author *ng nasabing batas gaya nina* Cong. Edcel Lagman, *gayun din iyong* Commission on Human Rights chair *na si* Loretta Ann Rosales, *tungkol dito sa implementasyon* or [*pagbubuo*] *ng* Human Rights Victims' Claims Board. *Naghintay po kami ng* one week, and then, *sabi ni* Congressman [Belmonte], *i-*go *na natin iyong* HR [House Resolution]. *Alam po namin na iyong bola ngayon ay nasa* Malacañang *na. Nagawa na po ng* Kongreso *iyong papel niya. Naisabatas na ito. Nasa* Malacañang *na po iyong bola. Ang kaya na lamang po naming gawin ay gumawa ulit ng isang* House Resolution *para itulak ulit at sabihan ang* Malacañang *na ipatupad iyong nasabing batas o buuin na iyong* HRVs' Claims Board. *At ito nga po iyong ginawa namin: iyong* House Resolution 2546. *Kung saan—babanggitin ko po iyong titulo—o iyong,* "Resolution expressing the sense of the House of Representatives on the urgency to jumpstart the full implementation of RA 10368, otherwise known as the Human Rights Victims Reparation and Recognition Act of 2013, providing for the reparation and recognition of victims of human rights violations during the Marcos Regime, and the documentation of the said violations, by way of immediately constituting the Human Rights Victims' Claims Board and allow the same to commence the performance of its mandate." *Sa* Kongreso *po, hindi lang porke nagpasa ka ng resolusyon ay iyon na iyon. Kahit iyong mga* house bills, *kung may mga* good, bad, [and] dead laws, *mayroon ding* bills *na ganoong* category, *siguro kasi, medyo maraming mga mambabatas na* file *lang nang* file *para kapag nag-*report *sila sa* constituents *nila, marami silang naisumiteng batas. Kami po pinipili namin. At ito po ang kauna-unahan naming* House Resolution *na isinumite. Ipinadala na rin po natin iyong kopya, kahit na hindi pa siya* adopted *ng* House [of Representatives], *sa* CHR, *gayundin sa* Office of the President. *Kumbaga, parang timbre na mayroon kaming isinubmit na* House Resolution.

*Ngayon, galing po ako sa isang* campaign organization. N*apansin ko na* once *nag-*file *ka, hindi lang din siya basta ganoon tatakbo. Mangangampanya*

*ka rin sa loob ng* Kongreso. So, last week *nagkaroon ng kauna-unahang* meeting *ng* House Committee on Human Rights *kung saan nandoon din iyong isa nating* speaker, *si* Ms. Karen [Gomez-Dumpit]. *Akala namin idi-*discuss *na iyong mga* house bills and resolutions *sa* Committee on Human Rights *pero isa lamang siyang* briefing on torture. *Maganda rin kasi marami tayong natutunan doon. Pero, ang sistema kasi sa loob* is you convince the other members of the committee. *Kasi, nabasa na siya sa* floor, *pumunta na siya sa* committee. So, *kapag inaprubahan* or majority *ng* members *ng* House Committee *ay pumirma as* co-author *ng* House Resolution, *puwede na siya* for adoption *ng* House. So, *iyong* time *na nagkita kami doon sa* House Committee, *talagang may dala po kaming papel na nangangampanya sa mga* congressman *para maging* co-author *ng* House Resolution. Unfortunately, *apat lang—si* Congressman [Belmonte], *si* Cong. Barry [Gutierrez], *iyong* chair *ng* House Committee, *at si* Cong. [Rene] Relampagos—*iyong dumating.* So *apat lang. Iyon po, bale ulitin ko lang, sa totoo lang nagawa na ng* House, *ng* Congress, as a whole, *iyong kaniyang papel dito sa* Compensation Act *na ito,* although *maraming kritisismo. Naiintindihan po natin iyon. Ang bola po ngayon ay nasa* Malacañang *na. Itinutulak po natin sa* House *ang isang resolusyon na gisingin, kilitiin ang* Malacañang *para ipatupad na iyong nasabing batas.*

**KAREN GOMEZ-DUMPIT** (DIREKTOR, TANGGAPAN PARA SA MGA UGNAYANG PAMPAMAHALAAN, KOMISYON NG KARAPATANG PANTAO): *Magandang umaga po sa ating lahat.* The chair sends her regrets for this event *pero pinadala niya po ako bilang representante ng* Komisyon ng Karapatang Pantao *para ibahagi sa inyo kung ano na po iyong nagawa namin.* But let it be said that she is actually in Atimonan, Quezon. She is going to open a forest museum for human rights victims in Atimonan. *Marami po kasing* centuries-old trees *doon. Magti-*tree planting *din po sila* just to build community memorials *para makita na* across the nation, *mayroon tayong mga palatandaan* or *iyong mga* markers *para makita natin iyong paghihirap ng mga biktima ng* martial law. So let me just share with you our presentation for today and *siguro magkukwento din ako ng kaunti sa inyo tungkol sa mga* back stories about how we helped in instituting a law for compesation of human rights victims. So basically, my scope is, of course, where they left off, *siguro* I will continue. This is in the Constitution. And then some thoughts on MDL 840 and then *tatapusin ko po doon sa* frequently asked questions about the law itself [RA] 10368, which has been covered by our speakers *so madali na lamang po iyon.*

*Kaya malapit po sa puso niya at ikinatuwa po niya noong naisabatas iyong* So basically when we had the 1987 People Power Constitution, *ang maganda po dito,* this is actually an ideal Constitution. *Kasi galing nga tayo do'n sa ating* dark past, *sa* atrocities of martial rule, and *ang mensahe po ng ating* Constitution is "Never Again." That is why we have human rights safeguards in the Constitution and I can name two, *na memoryado na po iyan, parang mantra sa* Komisyon ng Karapatang Pangtao. It states that "the state values the dignity of every human person and guarantees full respect for human rights." *Malaman po iyong sinasabi pero totoo nga ba po kung nangyayari iyan sa ngayon?* So *makikita ninyo naman noong nakinig tayo sa mga biktima, sa mga* historians, *marami pa pong dapat ipatupad itong mensahe na ito.* But basically *sinabi rin po ng ating kasama sa* Kongreso, *napatupad po nila* at some point when they passed RA 10368, *iyong* [provision *ng* Constitution *na*] "Congress shall give the highest priority to the enactment of measures that protect and enhance the right of all the people to human dignity, reduce social, economic, political inequalities, and remove cultural inequalities by equitably diffusing wealth and political power for the common good." Again *mga malalaman na mga salita pero kung titignan natin parang mahirap pang abutin* or to claim it fully.

One basic human rights safeguard that was installed in the 1987 Constitution was the creation of an independent Commission on Human Rights. *Kanina, narinig po natin iyong* historian *natin, na ang gusto po noon, noong itinatag iyong* Presidential Human Rights Committee was to form a truth commission. In fact *noong ako ay nag-aaral po at nagsasanay sa karapatang pantao, inisip ko nga po,* "Has the committee failed in its role to tell the truth?" So *siguro kayo po ang makakapagsabi kung,* at one point *siguro puwedeng nag-*fail *kami, pero* in some other ways *siguro naman po nagtagumpay kami kahit papaano. Ito po iyong nakasaad sa* Constitution *na aming mga kailangang gawin.* First is to "investigate, on its own or on complaint by any party, all forms of human rights violations involving civil and political rights." *Bakit po* civil and political rights? *Sinabi po ng nagbalangkas ng* Constitution *natin na kailangang bigyan ng importansya o prioridad ang* civil and political rights *kasi iyan talaga iyong mga* violations *na talagang namayagpag noong* time *ng* martial law, so *kailangang unahin po iyon.* So *kung tutuusin, kung titingnan po natin, mahalaga po ito na balikan kasi may* records *po kami ng* human rights violations *noong nakaraang* martial rule and this will be quite significant when we take a look at and implement RA 10368. Of course *iyong iba* is to "provide appropriate legal measures for the

protection of human rights of all persons within the Philippines, as well as Filipinos residing abroad, and provide for preventive measures and legal aid services to the underprivileged." *Pero siguro titignan natin iyong pinakadirektang mandato* when it comes to human rights compensation. *Nabigyang diin ito sa isang mandato na nagsasabing kailangan kaming mag-*recommend *sa* Kongreso *ng epektibong* measures *o programa para ma-*promote *ang* human rights *at para maka-*provide *ng* compensation *ang estado* to victims of violations of human rights or their families. So *makikita natin* in this mandate alone we can already see *na* with the passage of RA 10368, we have fulfilled somewhat this particular constitutional promise and safeguard in the Constitution. *Maaari nga pong huli pero ang* Kongreso *po kasi* instrument *ng* democracy so it will really take time. And *sabi nga kanina,* it took twenty-seven years for this constitutional promise to be fulfilled; *na nakikita naman natin na sa hanggang sa ngayon ay hindi pa* fully fulfilled.

And then *ito pa po iyong mga sumusunod na aming mga mandato sa konstitusyon.* Going to MDL 840—*hindi ko na po palalawigin pa—pero sabihin na rin natin na siyempre iyong* Alien Tort Act, it is a private claim. *Marami po kasing nagsasabi na bakit wala daw sila sa listahan,* human rights victim *naman po sila. Ang sinasabi po namin, "Totoo naman po iyon, hindi naman po ipinagkakait sa inyo iyong claim na kayo ay* human rights victim, you were victmized during martial law, but this is a private claim." The sad fact about this is *siyempre kung hindi kayo naabot ng* network *ninyo, iyong mga ordinaryong mga taong nasalanta rin during* martial law *na hindi naabot ng* particular initiative *na ito, hindi po sila kasama dito.* But, nevertheless, what we did was because we have the mandate to be able to help, to ensure help or assistance to human rights victims, especially because we arose out of that "never again" promise of the Constitution, we assisted the counsels, and we went around the country *para magtagpo po iyong* counsel *at* eligible class members *para magkaroon noong kumpensasyon na naaayon doon sa* private claim *na iyon.*

And then of course we monitored *iyong* case *sa* Makati. *Iyong* enforcement *noong* foreign judgment, *na siguro maaari natin tanungin din si* Atty. Rod [Domingo] *kung ano na ang nangyari doon kasi natalo nga sa kaso at hindi daw na-*exhaust *iyong* domestic remedies *bago maipatupad iyong* foreign judgment *na iyon. Iyon ang sabi ng* judge *sa* Makati RTC. *Pero ang importante pong isipin po dito, sinabi din nga po ng tagapagsalita natin kanina, si* Mrs. Fe Buenaventura-Mangahas, *na ang* justice *po parang "*just-*tiis" sa atin. Kasi makikita din po dito na kahit tinataguyod po nila iyong* claims *nila* under this private claim, *makikita natin na* even our system

of justice is so restrictive because when they first tried to put this case in our courts, *ang sabi po ng korte ay kailangang magbayad po kayo ng masyadong mataas na* court fees. It took the human rights committee of the United Nations to say, "This is discriminatory, you cannot do that." *Kasi biktima na nga ito,* you are doubly victimizing them by saying, "You have to pay these fees." So that led to a communication against the Philippines saying that you must be able to install that court case *para mag-*proceed *na iyan.* But many years later, as we know, recently *nga, sinabi nga na nag-*fail *daw* to exhaust domestic remedies *kaya hindi ma-*enforce *iyong* foreign judgment *na ipinanalo nila* Atty. Rod [Domingo].

Here comes now RA 10368. *Marami po kasing nagtatanong,* "Covered *ba ako diyan? Sinu-sino ba po?" Puwede ko pong sabihin sa inyo,* in summary, the dimesions [on] who is a human rights victim can be answered maybe in three, four points. First is *kung nangyari* [*iyong* human rights violation] between the reglamentary period—and the reglamentary period is 21 September 1972 to 25 February 1986. *Marami na pong pag-aaral dito, marami na pong debate, marami na rin pong umiyak kung bakit ganito lang iyong* time period *na ibinigay. Marami rin pong nagtanong, "Bakit hindi ninyo ni-*reckon from the time when the writ of habeas corpus was actually revoked, or suspended, rather?" So *sabi naman namin,* we left it up to the wisdom of the authors of the bill *kung bakit ganito po ito. Marami pong magsasabing masakit kasi baka hindi sila* covered *pero titingnan din po natin kasi ang tema po ng batas nito ay hindi na dapat palawigin ang pagpapahirap sa mga biktima ng karapatang pantao* during martial law. So that is one element. The second element is that *sino ba iyong nag-*violate? *Sino ba iyon gumawa ng kahayupan sa kanila?* Of course *ito na iyon ano,* "agents of the state or persons acting in official capacity as defined" and *dapat iyong layunin* [*nila*] is "to preserve, maintain, support, and promote the said martial law regime or dictatorial regime." And third is "to conceal abuses during the martial law or the Marcos regime and/or the effects of martial law." *Sabi nga po kanina ay marami na pong tumatanda na mga* human rights victims. *Marami na pong nangamatay. At marami pong nag-*disappear *na hindi na nga nag-*reappear, *at hindi na nalaman kung ano na ang nangyari sa kanila.* So *papaano po iyong mga ganoon? Ang sinasabi po dito,* of course the heirs can claim. And those who are deceased, incapacitated, missing, legal heirs *po* or representative can be the one [to claim]. *Marami pong kuwento dito na siguro puwede natin pag-usapan* at a later venue. *Pero masasabi ko po sa inyo na kasama din po ako, katulad noong sinabi ko na,* [those] who went around to ensure that *iyong* Komisyon ng Karapatang Pantao opens its doors

to both counsel and clients during MDL 840. *Makikita po ninyo na talagang* a generation has passed. *At makikita ninyo iyong* effects *ng* violations *nandoon pa rin.* And the effects seep down to their daughters, their brothers, [and] sisters. *Makikita ninyo po* just by their testimonies alone. *Pagtanggap po nila ng tseke, minsan, bumabalik po sa kanila iyong paghihirap na dinanas ng kapatid nila. Sasabihin po nila na, "Hindi naman po iyon pinatay, kinatay." May iba nilitson. Iyong mga gano'ng* stories. So we have to ensure *na lahat ng biktima po sana ma-*cover *dito.* But of course under the law, *kailangang mag-*apply *po tayo. Sabi nga po kanina ng ating* historian dito, *na iyong* satisfaction cannot be reached, full satisfaction still depends on us and one action that we want is to be able to empower the victims and their heirs to be able to claim under this particular law.

So *kung anu-ano iyong mga* violations *na iyon makikita po natin na* there are [six] main [categories]: (1) "any search, arrest, and/or detention without a valid search warrant," *iyong mga* under ASSO [Arrest, Search, and Seizure Order], PCO [Presidential Commitment Order], PDA [Preventive Detention Action], *iyan, matutugunan iyan;* (2) "infliction by a person of torture, killing, injury," *kasama din po iyan;* (3) "involuntary disappearance," *at kung naghahanap po tayo ng* definition *nito, ang* Kongreso *ay umakto na* [and] has defined enforced disappearance under that law; (4) "force and intimidation causing the involuntary exile of the person from the Philippines," *hindi po siguro lingid sa kaalaman ng maraming tao na marami po talagang umalis kasi napilitan silang umalis,* and I have relatives who have left involuntarily, were forced to leave, because of the threats to their lives; (5) "any act or force of intimidation received causing unjust illegal takeover of a business, confiscation of property, etc.;" and then (6) "any act or series of acts causing, committing and/or conducting the following: kidnapping, or exploiting children or persons suspected, committing sexual offences against human rights victims, detained, or in the course of conducting military or police operations," *marami po tayong kababaihan na nabiktima po dito,* and "other violations similar or analogous to the above." So *marami pong* covered *na puwede pong matugunan.*

*Katulad din po ng sinabi kanina,* is *iyong* entitlements. *Sabi nga po hindi po ito pera-pera lamang. Sabi nga po din ng aming pinuno na si* Chairman Etta Rosales—*na isa rin pong biktima,* she was sexually abused while in detention, she was tortured—*sinabi po niya, simbolo rin po ito. Simbolo na kinikilala ng gobyerno natin na may nangyaring ganito. Simbolo rin po ito sa pagre-*repair *sa* harm *kahit papaano na* [*naranasan*] *nila* directly, *kasi*

*marami rin pong nagsasabi na lahat naman tayo biktima ng* martial law. Whether we know it or not, whether we acknowledge it or not, we are all victims of that dark past. But for us, *ang sinasabi natin, kapag tinugunan natin iyong* human rights based approach, let us look at the most vulnerable. And these are really the victims. That is why there is direct compensation to them. Nonmonetary [compensation] can also include, *katulad nga po noong nabanggit kanina, iyong* memorialization also. Straightening of our history books. *Iyan, kailangan po natin at marami tayong dapat tugunan na mga trabaho tungkol doon para maging reyalidad iyon.* Aside from, of course, monetary compensation, *na hindi po natin kakalimutan.*

*Bukas po kasi ay anibersaryo . . . ng pag-deklara ng* martial law *sa* Pilipinas. So *ilang taon na po iyon? Kami po,* personally *si* Chair Etta [Rosales] has actually been asking Malacañang, "Please appoint already, constitute the Compensation Board." *Isa pong* chairman *iyan*, eight members. *Magwo*-work *po* in three divisions *para mas mabilis po ang agos ng pag*-process *ng mga* claims. They only have thirty days to organize once they are constituted, nine-member body, and they have only about fifteen days to be able to issue the IRR. *Ang sabi po ng aking pinuno, si* Chair Etta [Rosales], *tutulungan po natin sila, magbibigay kami ng payo ukol sa* IRR *para matulungan na po sila na malathala iyan* as soon as possible. *Kasi po matagal na itong hinintay ng mga biktima pero kailangan din po makita natin na matulungan din itong* Compensation Board. *Kasi sila ang natatanging* body that can process claims for this. We will be happy to answer your questions to the best of our abilities.

## MALAYANG TALAKAYAN

**FRAGO:** *Ngayon po ay binubuksan na natin ang* floor *para sa mga katanungan mula sa* audience, *sa mga estudyante, at mga bisita. Sino ang gustong magtanong?*

**ROGER MANGAHAS:** *Ako ay dating* political detainee *katulad ng iba ritong mga katulad kong* senior citizens *na. May nabanggit dito na ang mga detenido o iyong mga* ex-political detainees *ay naghabla hindi para sa pera. Totoo iyung ganoong sinasabi.* Actually *kaming mag-asawa, kaya lang kami nag*-file *noon ay noong malaman namin na walang sapat na pangalan na nagsisipag*-file. *Ibig sabihin, hindi sapat iyong mga nagpa*-file *at nagmamalaki si* Imelda [Marcos] *na, "Tingnan ninyo wala naman aniyang nagpa*-file,

*hindi naman totoo iyong sinasabing maraming na-*commit *na* violations of human rights" (*basahin ang* appendix 2.8, 413–18, *para sa patunay na alam ni* Imelda Marcos *ang nangyayari sa ilan sa mga detenidong pulitikal*). *Kinabahan kami. Bakit ganoon? Ibig sabihin walang nagpa-*file *ng kaso? Hindi sapat ang dami ng mga pangalan?* So, *siguro mga* two days *na iyon bago matapos ang* filing, *so kaming mag-asawa ay nagpunta sa opisina ng* Task Force Detainees *yata iyon? Nalimutan ko na. Hindi dahil sa pera kung hindi para parusahan iyong mga nag-*commit *ng* violations of human rights. *Ang masama ngayon, kung sino iyong mga naging instrumento, mga naging ahente ng* martial law *ay siya pang iniluluklok ng mga tao sa* Senado *o sa* Kongreso. *Nagiging senador, nagiging kongresista, nagiging gobernador, mayor ang mga* violators of human rights, *mga naging* corrupt, *mga naging masamang halimbawa ng mga lider sa ating bayan. Pero ngayon sa tingin namin ay parang walang anuman sa mga tao. Lumilitaw na parang, halimbawa dito sa* peak *ng* EDSA People Power, *lumilitaw na iyon pang militar na nag-*commit *ng* violations of human rights *ay siyang nagsagip sa mga tao. Parang iyon ang ibig nilang palitawin. Pero ang totoo noon, kung hindi nagpuntahan ang mga tao doon sa* EDSA, dead meat *iyong mga sundalo. Wala silang magagawa. Kaya ang talagang mga bayani doon sa* EDSA *ay iyong sambayanan, mga mamamayan, na talagang lumaban sa diktadura.* So, *itong mga darating na eleksyon, dapat ay mag-isip ang mga tao. At ako ay nalulungkot dahil,* of course *maraming mga tao ay manghang-mangha lang, madaling mabili. Dahil sa pera, pati ang mga hukuman natin, mga* justices, *marami diyan mga* corrupt. *Napaka-*corrupt. *Ito sabi ng isang kaibigan kong* lawyer, *sabi niya, sa kaniyang karanasan—matagal na siyang abogado—mga* 60–70 percent *ng kanilang hanay ay tumatanggap ng suhol. Ang ibig sabihin mga* 30 *porsiyento lamang ang hindi, o mga santo. Gayundin ang mga* judges, *mga hukom, hindi mo masasabing mga santo. Kaya kinakailangang maging mulat tayo, maging* vigilant.

*Kasi ito iyong pagkakataon talagang maintindihan ninyo kung ano ang mga talagang nangyari noong panahon ng batas militar. Ito iyong itinatagong bahagi sa ating kasaysayan na dapat ninyong malaman. Sapagkat mauulit ito kapag hindi ninyo pinahalagahan. Kapag hindi ninyo nalaman ang tunay na nangyari noon, puwedeng maulit sa inyong mga anak o mga apo balang araw. Ang mga naranasang* torture, watercure—*isipin ninyo, ako ay may mga nakasamang na-*watercure. [*May*] *mga na-*rape *na mga kababaihan, mga kasamang bigla na lamang nawala, hindi na bumalik sa tahanan. At ang masama ay* [*ang*] *talagang na-*rape, *talagang iba't ibang uri ng mga pagsasamantala sa kababaihan. Iyong mga nakita ko noon na mga* violations

of human rights, *iyon ang mabigat. Kung ikaw ay isang taong sensitibo, mayroon kang pakiramdam, mayroon kang puso, ay talagang tatalaban ka.*

*Ngayon, itong nabanggit kanina na tungkol sa mga minahan. Iyong tungkol sa mga pangkat etniko, totoong napakarami pang mga pangkat etniko, marami tayong mga pangkat etniko*—more than 187 *yata, mahigit,* almost 200. *Marami diyan hindi natin namamalayan sa kanilang mga pamayanan ang napagsasamantalahan ng mga taong gobyerno at ng kanilang mga kaalyansa. At dahil ginagawang minahan ang kanilang kapaligiran, nawawasak ang kanilang pamayanan. Ang* environment *ay nawawasak. Napakaganda nitong ating kapuluan pero kung nakikita mong nawawasak ang ating kapaligiran, ano ang kinabukasan ng mga kabataan sa mga darating na panahon? Kaya kinakailangan maging bantay tayo roon, alam natin kung ano ang nangyayari sa kanila. Maging* sympathetic *tayo doon sa mga taong iyon. Malayo sila dito pero dapat mayroon tayong paraan para maunawaan, malaman kung anong nangyayari sa kanila. Hindi nangangahulugang malayo sila, wala tayong pakiramdam. Sabi nga natin na ang sakit ng kalingkingan ramdam ng buong katawan. Ang nangyari sa* Batanes *hanggang* Jolo *at* Tawi-Tawi, *dapat nalalaman natin at nararamdaman natin kung ano ang kanilang pangangailangan at mga dinadaing sa kanilang lugar.* So *kayong mga kabataan sana magbasa kayo ng mga librong nagpapakita ng kasaysayan ng ating bayan, partikular noong panahon ng batas militar. Upang lalo ninyong maunawaan kung ano ang inyong dapat maging tungkulin sa ating lipunan.*

**GEORGE FABROS:** *Maganda po iyong sinabi ni* Ka Roger Mangahas. Freshman *ako noong nag-*martial law *dito sa* UP Diliman. *Para lang ma-*illustrate *sa mga kabataan iyong ikinukuwento ni* Ka Roger, *isa lang iyong* entrance *sa* Faculty Center *noon, tapos kakapkapan ka.* So *may naka-*station *doon na* UP Police and *alam ng mga* UP students *na hindi sila* purely UP Police. *May* intelligence agency *silang kabilang. Kaya kakapkapan ka, iyong* bags *mo,* everything. *Tapos noong araw namin may* JD Transit *pa. May mga* bus *na nakakapasok sa* UP Diliman. *Tapos doon pa lang* [*sa* bus] *aakyat na iyong mga* UP Police, *tapos kakapkapan doon pa lang. And then iyong* AS [Arts and Sciences Building]—AS *pa iyong tawag noon, ngayon* Palma Hall, *pero sikat pa rin iyong term na* AS—*naka-*grills, *tapos dalawa lang yata iyong* entrance *and* exit. All the rest *nakasarado. Kaya parang isang* military garrison *iyong buong* UP Diliman. Okay, *so nagkaroon pa nga ng* recess *kasi* September 21, 23 *idineclare* [*ang* martial law]. *Nagkaroon ng* [mga araw na walang] *pasok tapos noong ibinalik, ibang iba na iyong* UP. *Iyong* UP before the declaration of martial law, very vibrant *ang* student organizations *noon. Tapos doon lumitaw iyong partido*

*ng mga estudyante na* SAMASA [Sandigan ng mga Mag-aaral para sa Sambayanan]. *Tapos makikita natin na pagdating ng* martial law, *wala, talagang tahimik, parang hindi ka nasa* UP. *Parang wala ka sa* UP. *Ang tahi-tahimik, parang katahimikan ng isang nitso. Talagang patay na patay ang* UP Diliman. Until *bumangon ulit iyong* student movement. *At dito ninyo maa-*appreciate *iyong mga tinatawag ngayon na iskolar ng bayan. Sabi ng iba* more of image rather than substance *sa* Diliman *at ewan ko lang sa ibang* constituent universities. *Pero noon, nag-*rally *ang mga estudyante sa loob ng* AS. Dean *pa si* Francisco "Dodong" Nemenzo *ng* College of Arts and Sciences. *Sumisigaw from* first floor, second floor, third floor. *Nagra-*rally and then *maraming kumukuha ng* pictures *noong* time *na iyon. Kaya kita ninyo,* very risky *maging* UP student *noong panahon na iyon. Kung ayaw mo na nawala iyong* freedoms *mo—siyempre* oblation *ang* symbol—then *gagawa ka ng paraan. Magsasalita ka kahit* very risky. *Kaya diyan na papasok iyong* human rights violations. *Hindi lang sa* students, faculty, [and] staff. And then *hindi mo na alam kung sino iyong pagkakatiwalaan mo sa loob ng* classroom. *Kaya kung* faculty *ka, hindi mo alam kung sino iyong mga estudyante mo. Kung may sasabihin ka na* on the basis of academic freedom, *hindi ka* sure *kung magtuturo ka pa din noong araw na iyon o mawawala ka na.* And the same thing [*sa*] *mga estudyante. Kung magko-*comment *ka, hindi ka rin* sure *kung anong gagawin ng isang kaklase mo. Na baka may sabihin sa iyo o magre-*report *siya* and then *mawawala ka na lang bigla* without any official leave of absence from school *kasi kukunin ka na lang bigla-bigla. Kaya nakakatakot iyong panahon na iyon.* And *ang sabi nga nila, iyong mga natatakot, lalo mong hahangaan kasi kahit natatakot sila, lumalaban pa rin. May mga ganoong mga estudyante. Kaya iyong ganoong konteksto—ito yata iyong gustong sabihin ni* Ka Roger—*sana huwag nating kakalimutan na* directly involved *ang* UP. *Hindi lang* UP Diliman *kung hindi iba pang* constituent universities.

*Iyong* memorialization *maganda iyon kasi tumatanda na rin iyong mga estudyante na naging lider noong araw. O kaya kahit iyong mga* bystanders. *Alam ninyo ba na hindi lahat ng* human rights victims are activists? *Maraming nadamay o kaya maraming tumulong na nadamay. Parang yata iyong nangyari kina* Sherlyn [Cadapan],[5] *may mga magsasaka na tumulong pero* not necessarily *na* involved *siya. At kahit na* involved, *hindi masama maging* involved. *Kahit na aktibista, hindi masama maging aktibista. Tama*

5. *Mga mag-aaral ng* UP Diliman *sina* Sherlyn Cadapan *at* Karen Empeño *na magkasamang dinukot ng mga hinihinalang militar sa* Hagonoy, Bulacan *noong* 26 Hunyo 2006. *Sa araw na ginanap ang* forum, *hindi pa rin sila natatagpuan.*

*iyong sinabi ni* Ka Roger: *masama maging* corrupt. And yet, *iyon pa ang hinahangaan natin ngayon. Nagpo*-photo-photo op *pa sa mga* VIPs. *Parang may*-K *na mag*-photo op, *ano? Kaya tama lang iyong sinabi rin ni* Ka Roger—*para akong* fan *ni* Ka Roger *dito, puro tama iyong sinabi niya. Natutuwa si* Ka Fe. *Tama iyong sinabi niya na iyong mga* human rights victims, *hindi iyong pera iyong hangad. Pero sa palagay ko, alam nila na itong mga* corrupt *at itong mga nais ng* concentrated power *o* dictatorship, *nasasaktan sila kapag nababawasan iyong kinurakot nila na pera. Hindi ba, nasasaktan sila? Parang iyong* Napoles pork barrel scam. *Siyempre kailangan nating mabawi iyong mga nakuha noong mga na*-charge *na mga* public officials *na* elected, *hindi ba?* So, *masakit iyon sa mga* corrupt. So, I think *isang paraan iyon para maka*-get back *iyong mga* human rights victims. *Iyong pera mas maganda kung mapupunta sa bayan, bilang bahagi ng bayan, masaktan din nila. Naalala ko noon, noong* US bases campaign, *sabi ni* Dr. Dodong Nemenzo: "*Kung hindi matanggal iyong* US bases, *kahit man lang mapingot natin iyong tenga ng mga gustong mag*-retain." Enough *na* protest *na iyon, iyong ganoon. Ito naman,* I think *parang* protest *din ng mga* human rights victims, *nasasaktan iyong mga diktador, iyong mga* corrupt *kapag nakukuha iyong kinurakot nila mula sa kanila. Sa palagay ko malaking bagay iyon na dapat makita natin. Pero iyong pinakamatindi talaga ay* recognition *at hindi iyong pera talaga ang pinakaimportante.* Although *ang dami-daming* human rights victims *na napakahirap na tao.* Imagine *ninyo ano, kung* human rights victim *ka at ikaw ay magsasaka, ano iyong* power *mo? Kaya kung hindi ka nare*-recognize, *mabigat iyon. Kaya mayroon akong tanong sa tatlo nating* speakers—*si* Fe Buenaventura-Mangahas, *si* Atty. Rod Domingo, *at saka si* commissioner or representative ng CHR, *si* Ma'am Karen Gomez-Dumpit. *Ang tanong po ay ganito kina* Buenaventura-Mangahas and Atty. Rod [Domingo]: *Totoo po bang may dalawang* [*uri*] *ng mga* human rights victims? *Iyong mga na*-compensate *sa* private claim *at iyong hindi po na*-compensate? *At ano po ang ginagawa sa kasalukuyan para maresolba iyong* issue *na iyon? Kasi ang nangyari po ay may na*-recognize, *may naka*-receive *ng* compensation—*ito po iyong kina* Atty. Rod Domingo and Atty. Robert Swift, *tama po, hindi ba?*—and then *may mga iba na nandoon sa* about 10,000 human rights victims *na wala sila po doon sa* compensation. And then *ang tanong naman po sa kay* Ma'am Karen Gomez-Dumpit: *Ang ginawa po nina* Atty. Robert Swift at Atty. Rod Domingo *ay* across the board, *hindi ba po?* So, *nire*-recognize *na* human rights victims *pero* across the board *ang* compensation. So *ang nakuha yata noong unang* batch *noong unang pagbibigay ay* PHP 40,000. *Ngayon po, nakasulat po sa* PowerPoint [presentation] *ay kailangan pong i*-prove *ng* human rights

victims *sa* CHR *iyong* intensity *ng* torture or *kung* disappeared, etc. So *ibig sabihin po, hindi ninyo gagamitin iyong* formula *na* recognition and then compensation across the board *na ginawa sa* private claim? So, *kailangan po na mayroon pang detalyadong* testimonies. And then *tama po ba na kailangan ipapakita, i-*prove *iyong talagang nangyari doon sa* human rights victims *iyong mga nangyari na iyon?*

**DOMINGO**: *Ang atin pong* litigation *sa* US, particularly *sa* Hawaii, *ay kumikilala sa* 9,539. *Iyon po ay miyembro ng* class as distinguished from those who were qualified in the number of 7,526. *Noon pong nagkakaroon ng litigasyon ay nagtakda po ang mga* judge *natin sa* US, *sa* Honolulu, *na si* Judge Manuel Real, *na mag-*file *ng dalawang* claims *sapagkat nagkaroon po tayo ng konting pagtatalo sa kung sino talaga ang mga dapat bigyan ng* compensation. *Kaya nag-utos po ang husgado na mag-*file *ng* claim for two instances. Both must be filed. *Ang hindi po nakapag-*file *ay hindi maku-*qualify. *At sa lahat po ng* class suit litigation, *gusto ko lang pong ibahagi sa inyo ang impormasyon na hindi lahat ay nabibigyan sapagkat hindi po natin kilala ang mga biktima. Sila po ang nagbo-*volunteer *na magpa-*file *at magpapadala ng kanilang* application *at* form. *Iyan po ay ginawa natin* in two instances. *Iyong iba nakapag-*file *noong una. Iyong iba noong pangalawa lang. Ngunit ang utos po ng husgado, kapag hindi ka nag-*file *ng* two times—*sapagkat iyong iba ngang* claimants *namatay ang biktima, nag-*file *iyong magulang, nag-*file *iyong asawa, nag-*file *iyong anak, sa isang tao lamang; kaya ang* limit *po natin ay ating inalis, iyong mga* multiple claimants *sa isang biktima lamang. At iyan po ang nagkaroon ng* 7,526 *lamang ang* qualified. *Ngayon po, iyong* 9,539 *ay miyembro po ng* class [suit]. *Kaya lahat po sila ay sinusulatan. Ngunit ito pong huling bigayan ng maliit na* USD 1,000, *lahat po diyan na nakasama lamang sa* 7,526 *ang tatanggap ng* compensation. *Ngayon, liliwanagin ko po, ayon sa bagong batas na pinirmahan noong* Pebrero *ng taon na ito, ang ibinibigay pong benepisyo diyan* is by point system. *At lahat po ng hindi nakapag-*file, *hindi nag-*qualify *doon sa* Hawaii, *ay puwedeng mag-*file *na ngayon. At iyan po ay kasalukuyang binabalangkas pa ang* IRR *pagkatapos ma-*appoint *ang mga* members *ng* Compensation Board. *Iyan po ang ating hinihintay ngayon.* [*D*]*ito po ay maaaring dalawang beses kayo na kumuha ng* compensation. *Iyon po iyong nililiwanag ko. Iba po iyong sa* Hawaii, *iba iyong dito.* So, *wala pong* conflict *iyan. Dalawang beses kayong makakakuha.*

*Ngayon po liliwanagin ko rin sa inyo iyong atin pong almost* USD 2 billion *na* award *sa* US *ay halos hindi nababawasan sapagkat ang atin pong na-*recover *sa ngayon ay mga* about USD 21 million *pa lang. Mahigit* USD

1 million *iyong sinabi ko sa inyo kanina sa* Mercedes Benz *at sa bahay na ginamit ni* Imelda *at* Ferdinand Marcos *sa* Hawaii. *At ang dalawa pong nakuha nating kompensasyon na* USD 10 million *at isa pang* USD 10 million *na atin pong ipamamahagi. Magkakaroon po tayo ng* hearing *sa* October 10 *sa* Hawaii *para pakinggan ng* judge *ang lahat ng inyong* comments, *pumapayag ba kayo o hindi kayo pumapayag. Tayo po ay may* due process. *Kaya lahat po ng* victims *ay sinulatan. Naipadala ko na po lahat sa inyo at kung mayroon po kayong tanong, magkakaroon po tayo ng pagkakataon na sabihin ang inyong saloobin. At nililiwanag ko po, maaaring* two or three times. *Ngayon po baka magkaroon na naman tayo kung sakali sa pagkatapos ng* second USD 10 million, *pinu-*pursue *po namin ang ating mga ibang asunto pa sa* New York, m*ayroon tayong nasa* Singapore, *meron tayong* Arelma case, *marami po ito. At sa darating na araw, sana sa isang taon, magkaroon na naman tayo hindi lang* USD 10 million. *Maaaring mahigit pa. Kaya patuloy po iyan. Walang katapusan. Mauuna siguro tayong mamamatay na lahat bago makuha ang kabuuang* USD 2 billion. *Ngayon, lahat po kayo na* qualified *may tatanggapin kayong sulat. Ang atin pong bigayan, kung aaprubahan ninyo iyong* settlement *ay magsisimula po siguro by* January *sa isang taon. Sapagkat meron po tayong proseso at bawat isang biktima ay tinatanong ang kanyang opinyon. Iyon po ang tinatawag nating* due process. *Sapagkat napakarami po niyan. Pero bawat isang biktima tatanungin natin ang kanyang opinyon kung pumapayag siya o hindi. Kaya kung meron kayong tutol, pagdating ng* October 10, *magpadala kayo ng sulat. Magpadala kayo ng ebidensiya kung hindi kayo pumapayag. Kung pumapayag naman kayo, huwag na kayong sumulat. Kung mayroon lang kayong* objection *at saka lang ninyo kailangang ipahayag sa* Honolulu. *Puwede ninyo pong ipadala sa akin, pero iyong itinatakda ng husgado kung mayroon kayong* written objection, *ideretso ninyo po sa husgado sa* Honolulu, Hawaii.

**BUENAVENTURA-MANGAHAS**: *Para sa mga hindi nakasama, sa aking alaala . . . ay may mga biktima na hindi naniniwala na maipapanalo iyong kaso, hindi interesado, at noong nagbibigay na ang korte ng mga* technical requirements, *hindi sila tumutugon. Kaya noong dumating naman iyong* USD 1,000 *at saka sila naghahabol. Parang iyon iyong nakita ko sa mga ilang na-*exclude. *Kaya hindi naman nagkulang ang mga abogado kung hindi talagang ganoon ang proseso. May mga* papers *na isusumite. May mga* requirements. *At kung malalayo iyong iba, hindi nakakarating. Isa ring dahilan iyon. Marami-rami rin iyong talagang ayaw sa . . .* negotiated deal, *maliit, hindi talaga* compensatory, *mga ganoon, at saka iyong iba ang talagang gusto ay* criminal prosecution—*iyon iyong mga unang pagpa-*file *ng*

*kaso* (*basahin ang* appendix 2.9, 419–24, *para sa isang halimbawa ng kasong kriminal na isinampa ng mga biktima ng batas militar*). *Kaya maraming mga ganyan na naninindigan talaga, na talaga namang hindi nangyayari dahil kailangan mo ng isang* revolutionary government *para maparusahan talaga iyong* perpetrators, *na wala naman tayo. Kaya* civil case. *Hindi kayang maka-*prosecute *ng isang* criminal case. *At maraming ganoon sa isang grupo ng mga biktima na naninindigan hanggang ngayon sa ganyan. Pero ngayon dumarating naman iyong paunti-unti na talagang nakaka-*relieve *din naman dahil talagang maraming mga mahihirap, mga maysakit, matatanda na nangangailangan talaga, na tinatanggap na rin sapagkat ang pag-*pursue *ng* legal cases *ay napakatagal, magastos, at wala namang pera ang mga biktima. Kaya pinasasalamatan na rin namin ang mga* efforts *ng mga* counsel *tulad ni* Attorney Domingo. So *iyon ang sagot ko sa mga nawalang hindi nakasama.*

**FABROS**: *Opo, marami pong salamat. Totoo naman pong* historic *iyong ginawa nina* Atty. Robert Swift, Atty. Rod Domingo *at sino pa po iyong isang* attorney *na namatay na?*

**BUENAVENTURA-MANGAHAS**: Jose Mari Velez.

**FABROS**: *Oo si* Jose Mari Velez. *Mayroon pa bang isa?*

**BUENAVENTURA-MANGAHAS**: *Si* Atty. Ruben Fruto. *Si* Atty. Rene Saguisag.

**FABROS:** *Kasi iyong namatay na isa pa na may kinalaman sa* labor, *hindi ba may isa pang* lawyer? *Maganda rin itong bahagi ng* memorialization *na ma-*recognize *iyong mga tumulong. Kaya lang may mga nagsasabi rin na may mga* technicalities *din* like for example Atty. Rod [Domingo], *kung lumipat na ng bahay kasi sabi ninyo nagsi-*send *kayo ng* letters *tapos wala na doon iyong mga mahihirap na* human rights victim. *Alam na natin na walang tirahan na* permanent *ang mahihirap.* So, *paano na ngayon po? Hindi po ba sila kasama doon sa* qualified *na papadalhan ng sulat? Kasi* very technical *ano? Kapag mahirap ka, wala kang permanenteng bahay, lumilipat-lipat. Paano po iyong kaso nila?*

**DOMINGO**: *Mayroon po tayong listahan. Kahit na lumipat kayo ng tirahan. Iyon pong iba binayaran na natin noong unang bigayan natin ng* USD 1,000 *sa* US. *Diretso po na binayaran ni* Robert Swift *iyan. Iyong mga*

*dito po na lumipat naman ng tirahan, mayroon po tayong listahan. Hindi lang natin puwedeng ipamahagi at baka makuha ng mga ating inihabla magkaroon pa ng* retaliation for security reasons. *Pero lahat po ng tseke ay nandoon na, ipadadala po dito ni* Robert Swift *at* personal *niyang ipamimigay sa mga karapat-dapat na magkaroon. Kung lumipat man kayo ng tirahan, matatanggap pa rin ninyo kapag nandoon ang pangalan ninyo. Ang amin lang sinasabi, kung lumipat kayo at nag-iba kayo ng* address, *isulat ninyo po sa amin. Ang* address *po ay nakalagay doon sa* notice. *Isulat ninyo or i-*email *ninyo* or *isulat, huwag lang sa* cell phone *sapagkat kung minsan po, wala tayong katunayan ng tunay na* address *ninyo ngayon. Pero ibigay po ninyo sa akin at ipadadala natin sa inyo at* personal *na makukuha ninyo ang inyong tseke.*

**FABROS**: So, *sa madaling salita po ay kung lumipat po sila, ang* presumption *po ay dapat iyong* two claims *ay finorward nila.*

**BUENAVENTURA-MANGAHAS**: Yes.

**FABROS:** *Pero kapag hindi nila finorward,* so *hindi sila—*

**DOMINGO**: *E di hindi namin malalaman kung nasaan sila.*

**FABROS**: So *kailangan iyong dalawang—*

**DOMINGO**: *Tutal ito naman malalagay sa mga diyaryo natin, sa* TV, *sa radyo na magbibigay ng* compensation. *Puwede po ninyong tanungin, kung hindi sa akin, tanungin ninyo dito o mas mabuti sa* Commission on Human Rights, *at ibigay ninyo ang inyong* address. *Sapagkat iyan po ay magko-*complement *din kapag nag-*file *naman kayo ng panibagong* claim *ayon sa bagong batas natin.*

**FABROS**: So, *kapag sinabi ninyo pong* complement, *nangangahulugan po na ire-*recognize *din ng* private claim *iyong* CHR *na* roster *na nakita nila na* qualified?

**DOMINGO**: *Ayon sa batas po, lahat ng* 9,539 *na mayroong* conclusive presumption *na kayo ay biktima at tatanggap po kayo ng* compensation. It will just depend on the severity of the injury that you suffered. *Iyon po ang mayroon* point system. *Iyon po ang ide-*determine *ng* Compensation Board.

**FABROS:** *Pero iyong* formula *po ninyo* with Atty. Robert Swift *ay walang* point system, *hindi ba po?*

**DOMINGO:** *Wala po. Sa amin po ay kung ano ang ibibigay sa isa, iyon din* [*sa*] *lahat sapagkat matatagalan po tayo. Baka another* ten years *na naman*, twenty years. *Iyon po ang aming katuwiran at saka wala pong kakayahan, hindi katulad dito sa atin sapagkat nandito po tayo lahat sa* Pilipinas. *E iyon po nasa* [United] States *mahirap nang ipatupad nila iyon. Kaya ang ginawa ng* judge, *pare-pareho na lang.* Across-the-board *ang tawag po natin.* So *pare-pareho sila ng matatanggap.*

**FABROS**: *Ang sa* CHR *po, hindi po ba mahirap na gawin din iyong sa* point system?

**DOMINGO**: *Iyan po ang nasa batas e.*

**FABROS**: So, *hindi na po mababago talaga iyon?*

**DOMINGO**: *Hindi na po natin puwedeng baguhin iyon* unless *aamyendahan natin ang batas.*

**FABROS**: *Bakit po kaya* Ma'am Karen [Gomez-Dumpit] *ginawa iyon ng mga mambabatas na kailangan ina-*narrate *pa* point per point, detail per detail, and then *lahat itong mga kailangan pang mga ebidensiya*, etc.?

**GOMEZ-DUMPIT**: Actually *po, noong binabalangkas itong batas na ito, kaya nagkaroon din ng* point system, *kasi* you have *to* recognize those who suffered more. So, I am sure you will agree with me, as opposed to someone who was just incarcerated and was delivered in jail *pero* as opposed to another one who was jailed but also tortured while in detention, *talagang dapat kilalanin iyong kahirapan na nadanas niya.*

**FABROS**: So, *napakahalaga po na marunong magsulat iyong* human rights victim?

**GOMEZ-DUMPIT**: *Ay, hindi po. Ang tema po ng batas kasi, hindi na po palawigin iyong pagpapahirap sa biktima. Mayroon pong itatalaga ang* Compensation Board—*hindi po ang* CHR *nililiwanag ko lang po ano, ang* CHR *po ay katulong lamang po dito. Kami po iyong tumulong para maipatupad po iyong batas pero po ang* Compensation Board *ang*

*magtatalaga, sila po ang magbibigay, sila po ang mag-a-*analyze *lahat ng* applications. *Kaya po ang abiso namin sa mga magke-*claim *dito o mag-a-*apply *ideretso ninyo na po sa* Compensation Board. *Ngayon kung mahihirapan po kayo puwede po sa amin pero ire-*refer *lang din po namin sa* Compensation Board, once it is formed. *At hindi pa po kasi natin alam kung iyong* board *na iyon hihingan kami ng tulong* just like the counsels in the private claim asked us for help regarding *iyong mga* satellite offices *siguro na puwede nilang itayo. Baka iyon puwede kaming makatulong pero depende po iyon sa sasabihin po ng* Compensation Board. *Kasi po* under the law, *wala po kaming mandato sa batas ukol doon sa kompensasyon kasi may itinalaga na na* body *na magtataguyod nito.* But let me just say that in chapter 3 of RA 10368—*iyon po iyong sinasabi ni* Attorney Domingo—*ito po iyong isa sa mga* provisions *na nagsasabing huwag nang pahirapan iyong mga biktima.* So, *ito po iyong* conclusive presumption that one is a human rights violations victim under this act. It says *na kapag kasama po kayo doon sa* class suit and direct action plaintiff *kayo doon sa* litigation *sa* Hawaii, *mayroon nang* conclusive presumption *na* HRVV [human rights violation victim] *kayo.* So, *kumbaga po*, it shortens the process of application. In fact, one of the things, one of the first orders of the Compensation Board is to ask the Federal District Court of Hawaii, *kay* Judge Real, [*na*] *humingi ng listahan. Iyon po iyong isa sa mga* first orders of business of the Compensation Board. Aside from that *po, sinasabi rin po dito na may motu propio* recognition *lamang po.*

**FABROS**: *Ano po ang ibig sabihin noon?*

**GOMEZ-DUMPIT**: *Ibig sabihin,* on its own, the board can actually recognize, take judicial notice on its own of individual persons who suffered human rights violations as defined in this act and grant recognition—not compensation—recognition that they are human rights violation victims *at i-*include *sila doon sa* roll of victims *para naman ito sa* history books. *Kasi, marami din pong naniniwala, katulad nga po ng sinabi ni* Ma'am Fe [Buenaventura-Mangahas], *mayroon pa rin pong biktima na ayaw nila ng* compensation. *Ang gusto nila* recognition. *Gusto makilala iyong paghihirap nila.* So, *maaari pong mag-*apply *sila para sa* recognition *lamang po.* Or *puwede ring* on its own *ang* board, *puwedeng sabihin na* person A is a human rights violation victim, *ayaw lang niyang mag-*claim *ng* compensation. *Ide-*declare *po siya na* human rights violation victim.

*Doon sa* point system, *hindi po* across-the-board as Atty. Rod [Domingo] has said. *Depende po iyon sa* severity *katulad nga po noong sinabi.* Victims who died or disappeared or still missing shall be given ten points. This is the broad stroke of what the compensation rules should be. *Ito iyong ginawang* guidance *ng* Kongreso. Victims who were tortured or raped, sexually abused shall be given six to nine points. *Depende po.* Victims who were detained shall be given three to five points. Victims whose rights were violated under this act—*iyong sinabi ko po na nakulong lamang, na-*forced into exile, etc., or analogous circumstance—shall be given one to two points. So, *doon po mangyayari iyon. Ini-*explain *na rin po ito sa akin noong kasama po natin sa* Komisyon ng Karapatang Pantao, *si* Atty. Byron Bucar, *noong umuupo kami sa* technical working group *at saka sa* hearings *noong binabalangkas ang batas na ito.*

*Ang mangyayari po niyan sa proseso,* there will be a period, *kasi po tandaan po natin may* sunset clause *po itong batas na ito.* The Compensation Board will not be there forever. The law states that it is only two years with a renewal of another year, so at most three years *iyan* unless the law is changed. *Pero tingnan po natin siya na kung dalawang taon lamang po ang mayroon ang* Board of Compensation, there will be a period *na mag-a-*accept *sila ng* application, *isasara po iyon para ma-*process *po iyon,* and probably by the end of another six months, or maybe at the end of six months prior to the two-year end of this law, *doon magbibigay ng* distribution. So, *marami pong* phases *po ito. Mayroong* application, *mayroong* analysis or processing, *mayroong* distribution, when it comes to compensation. Apart *pa iyan doon sa* nonmonetary compensation *na magtataguyod ng programa ang iba't ibang ahensya ng gobyerno para*, let us say *sa* psychological rehabilitation, jobs capacity building, etc. So *iyon po iyong ating tinitingnan po kaya kailangan po matulungan din po ang* Compensation Board with respect to that.

And then Atty. Byron Bucar was saying that the reason why it takes this way—*sabi ko, "Bakit hindi na lang magkaroon ng presyo?"—kasi meron tayong* budget. *Ang binigay sa atin* PHP 10 billion. *Mayroon kang* operational cost *na hindi lalagpas ng* PHP 50 million a year *na aayon sa batas.* So, *ima-*minus *mo iyon.* Let us say [PHP] 50 [million] times three [years] *na lang,* PHP 150 million. *Iyong natitirang resulta noon, iipunin muna.* So, *kaya may* application phase *kasi maraming nagsasabing sampung libo ang biktima, maraming nagsasabing singkuwenta mil.* So, after that application phase, *ang nakikita po namin* is that *doon matitingnan kung* how many—if one point is equivalent to how many—how much

compensation, because there is a budget. *Hindi naman po iyan parang mahabang* pocket *o mahabang bulsa na kahit anong dukot mo, mawawala din po iyan kasi nakalaan nga iyong* exact amount. So, somewhat we will know for sure in the implementing rules and regulations. But what we are trying to say right now as the law is read, you will know that there are three phases, at least to that monetary compensation avenue—applications, processing, and then the distribution. After that, of course, parallel *diyan iyong* memorialization. Parallel *din diyan iyong* history writing. Parallel *din diyan iyong programa ng gobyerno* for rehabilitation and other nonmonetary compensations.

**FABROS**: *Sa buong daigdig po ba ang modelo na ganito ay sa atin lang o may pinagkopyahan po ba tayo na modelo?*

**GOMEZ-DUMPIT:** *Doon sa pagbalangkas po noong batas may* intervention *po ng* European countries. Of course, the Swiss government is there. *Pero nag-*share *po iyong* Germany *sa atin, kung paano nila ginawa iyong* compensation for the Stasi police.

**FABROS**: *Iyong mga* Jewish*?*[6]

**GOMEZ-DUMPIT**: *Oo.* So, *ang sinasabi po nila, iyong* model *po nila hanggang ngayon mayroon pa pong* Compensation Board *sa kanila. Kasi po* proving the claims is really a long process for them. So *iyon po iyong* model *na kanila. Pero iyong* model *po natin talagang may* sunset clause *po.* Let me just add that one of the provisions here, *ang nakasabi lang po dito,* detailed affidavit. *At puwede po silang mag-*attach *ng iba-iba pa pong ebidensya kung mayroon po sila para ma-*bolster *iyong* claim *nila. Pero po iyong tema na hindi na po pahihirapan, nandoon po iyon kaya nilagay na lang* fully detailed affidavit. And of course, the veracity of that will be [determined] during the time *na* they will process the claims.

**FABROS**: So, *ang huling tanong lang po. Ang termino po sa* human rights victims *ay* victim. *Ito ba ay* short of calling them *na bayani? Ganoon po*

6. *Nagkalituhan sa puntong ito ng malayang talakayan. Ang tinutukoy dito ay ang mga* Aleman *na nabiktima ng* Staatssicherheitsdienst *o ng* State Security Service *ng* East Germany *noong kasagsagan ng* Cold War *at noong hati pa ang* Germany *sa dalawang bansa.*

*ba ang ibig sabihin noon? Lalo na iyong mga napatay at iyong nag-*disappear? *Puwedeng* possible *kaya iyon*, sort of calling them *bayani?*

**GOMEZ-DUMPIT**: In the statement of declaration of policy [of RA10368], it says there that it recognizes the suffering. So they are really heroes. To us they are heroes. If you read between the lines, they are heroes. So it is just that, of course, they were victimized first, but let me just share with you what Chair Etta [Rosales] said when this law was signed on February 25 this year. *Sabi niya:* "I come to you as a survivor of human rights [violations], these are my credentials." So, they are not only victims. More than that they are survivors. And to us, *sa ating kabataan siguro dapat sabihin nating bayani sila kasi iyong natatamasa nating demokrasya utang din natin sa kanila.*

**FABROS:** So *magandang tandaan talaga natin iyong mga* human rights survivors. *Marami pong salamat.*

**NATHANIEL CANDELARIA:** *Sa punto naman po siguro ng mga estudyanteng katulad ko, ano po bang masasabi ninyo—kasi po hindi ba dahil ipinanganak po kami* after *noong nangyari po iyong* martial law and *masuwerte na rin po siguro kami na ipinanganak po* democratic *na po iyong bansa natin* supposedly, I think—*sa* advent *na rin po ng* social media *sa panahon po natin ngayon, ano pong masasabi ninyo doon sa mga nangyayaring sabihin po nating* historical revisionism? *Nakikita po natin na may nagpo-*post *na* during the time of President Marcos, *ganito po, ganoon. Noong panahon po ni* Marcos *maganda po daw ang* Pilipinas. And *ano po ba iyong ginagawang hakbang ng mga akademiko pati na rin po ng mga ibang mga* speakers *po ukol po doon sa nangyayaring ganoong* scenario or phenomenon when it comes to social media? *Ano po ba sa tingin ninyo po iyong nangyayaring pagbabalik sa kapangyarihan ng mga* Marcos *sa* national and local politics? *May sinasabi po ba ito ukol sa kultura nating mga Filipino* or is it something about the structure within the system *kung bakit po nangyayari ang mga ganito ngayon?*

**MENDOZA**: *Maraming salamat sa tanong mo. Iyong tinatanong mo ay talagang ramdam na ramdam ko. Ako po ay nagtuturo ng* Philippine history *at kasama dito iyong* period of martial law. *Dati kapag itinuro madaling maintindihan, pero isa talagang malaking hamon iyong magturo ng* martial law *lalo na doon sa hindi nakaranas ng* martial law. *At katulad mo, parang ako rin ay nagugulumihanan. Na minsan tatanungin ka ng mga estudyante:*

*"Wala bang nagawang mabuti si* Marcos?" *O ibig sabihin, katulad niyan, maraming mga lumalabas na* revisionism. *Kaya parang—ilang siguro sagot o parang kuro-kuro lang. Isa dito iyong ano, palagay ko may problema sa pagtuturo ng kasaysayan. Unang-una, sa pakiwari ko lang, kailangan talagang balikan, noong panahon ng* high school, *lalo noong* elementary, *na-*demonize *nang husto iyong* individual, *iyong mga* Marcoses . . . *Parang ang sa tingin ko iyong dapat na nade-*demonize *ay iyong sistema ng* martial law *na bumabalik sa napakaraming paraan . . . Ngayon, tatanggapin ko talaga malaki iyong kasalanan naming mga historyador. Dahil wala ngang* shared history. *Sa palagay ko dapat magkaroon na. Pero mahirap din kasi* it is going to be a very contentious issue. *Ngayon, ano iyong ginagawa ng iba, katulad ng marami ngang nagbigay ng kanilang mga* oral history *o mga groups na tumatanda na. Kaya kung mapapansin mo, iyong kay* Ferdinand Llanes (2012), halimbawa *iyong SDK* [Samahan ng Demokratikong Kabataan]: *Militant but Groovy* (2008). *Maraming grupo na gumagawa niyan. Tapos, iyong isa sa* NHCP [National Historical Commission of the Philippines] *na kasama ako, nagde-*design *kami ng* research methodology *para makuha talaga iyong mga impormasyon hinggil sa* course *nila sa* oral history, artifacts, and then *makagawa ng isang museo,* hopefully, *ano? Sana iyong makatotohanan na matatanggap kahit* [ng] *mga sabihin nating sumusuporta sa* martial law *at saka doon sa mga naging biktima ng* martial law.

**BUENAVENTURA-MANGAHAS**: The power of social media, positive and negative *iyan, kaya depende sa gumagamit. Ngayon naman sa mga aklat ng kasaysayan, sabi ko nga kay* Dr. Rico Jose, *wala pang gaanong aklat na* basic, *hindi ba? Sa* elementary, *sa* highschool *at lalo yata ngayon sa kolehiyo, nagdedepende tayo sa mga* memoirs, *mga* biographies *na alam naman ninyo* [*sa*] *mga sulatin na iyan ay marami ring* ego trip *diyan, di ba? Kaya wala tayong mapanghahawakan. Kaya itong* memorialization *na kasama ang* curriculum—*ang* DepEd [Department of Education] *sinabi na ni* Bro. Armin [Luistro] required *ang* period *ng* martial law *sa pagtuturo sa ngayon, mula ngayon sa* K-12. *Kaya abangan natin iyon. Kaya nga lang, gulong-gulo pa rin ang* DepEd, *hindi ba? At saka mawawala na sila* in two and a half years. *Hindi na naman natin alam kung ano ang mangyayari. Ganito kagulo ang ating bayan at napaka-*complex *natin. Buti nga meron pang ganitong* Third World Studies [Center], *akala ko nawala na ito. Kaya nga mabuting meron pang ganitong mga* forum *at mayroon pa tayong mga estudyanteng interesado at mga guro na gustong subaybayan ito. Ang masasabi ko lang, kailangang-kailangan natin ng mga* patriotic [individuals]. *Iyong makabayan na mga guro, makabayang aklat, makabayang historyador, makabayang abogado, mga* human rights *na mga* advocates *sa mismong*

*pamahalaan, kami sa* historical commission, *magkaroon ng* shared history. *Sa palagay ko ay talagang dapat simulan na iyong* shared history *na iyan. Bakit? Mas mahina ba tayo sa* Africa? *Wala ba tayong ibubuga tulad ng* Argentina? *Hindi naman yata. Talaga lang wala pang nagsisimula pero ito* opportune moment. *Huwag na nating palampasin.*

**NADINE PALARCA**: *Dati po akong estudyante dito sa* UP Diliman *at naging aktibista po ako noong* martial law. *Kung ituturing ko bang suwerte, hindi ho ako nakulong kasi mabilis po akong tumakbo. Pero marami sa kasama ko ang nakulong at namatay. Katunayan po iyong* boyfriend *ko namatay. Ang alam ko, hindi nagke-*claim *iyong* family *dahil parang hindi nila alam kung papaano. Tapos parang ang totoo hindi nila nakita iyong bangkay. Nalaman lang na namatay siya noong mayroong isang kaklase na nakakita. Wala silang balita kung ano talaga ang nangyari. Ang isang maganda na ngayon parang iyong pangalan niya malalagay doon sa* Bantayog [ng mga Bayani]. *Pero* after so many years. *Ang tanong ko, ano ang* basis *noong* 10,000 names? *Saan ninyo ho hinugot iyon? Kasi palagay ko wala iyong pangalan niya doon. Ngayon lang ho,* last week *lang mailalagay. At isa pa ho, mayroon pa ho akong isa pang tanong kaya rin ho ako nagpunta rito. Iyong isang kasama namin, nakulong ho siya before* martial law *sa* Camp Olivas *na kung saan inabot po siya ng dalawang taon, inabot po niya iyong pagma-*martial law *na. Hindi pa po siya naka-*claim *kasi ang pangalan niya ay iyong* alias. Alias *ho ang ginamit na pangalan. Papano ho ngayon iyong pagke-*claim *niya e napakatanda na niya at marami na siyang sakit? Noong pagkatapos ho noong ano, kumilos ho ulit siya. Na-*involved *ho siya sa* armed group *dito sa* city. So *paano po,* underground *ho pa rin iyong* term *na iyon, hindi pa rin siya makalabas. Iyong* identity *niya, hindi niya mailabas.* So *papaano po iyong ganoon?*

**GOMEZ-DUMPIT**: *Ang minention ko lang po doon sa* conclusive presumption, *iyong* MDL 840 private claim *nga ho, iyon e kaya umabot po ng* 10,000 *kasi po sila po iyong sumanib kasama ng* counsels *para ihabla po si* Marcos *sa* Hawaii *po.* So, as far as that list is concerned, *sarado na po iyon kasi matagal na ho iyong* claim *na iyon. Pero po kapag nasa* Bantayog *po ang pangalan,* conclusive presumption *na din po iyon.* So *iyong* Bantayog ng mga Bayani Foundation, *mayroon din po silang listahan ng kinikilalang* human rights victims during martial law. *Nandoon po iyon. Kung nandoon iyong pangalan, may* conclusive presumption *din po.*

Thank you *po for* raising *iyong sa mga* aliases. Actually *po, noong nag-*distribute *din po ang* counsels *noon, noong kompensasyon, mayroon din pong mga lumapit na may* alias *sila. Diyan po importante iyong ibang mga*

*dokumento na puwedeng ibigay, katulad po noon kung* alias *po nila, ang maipapayo po namin doon sa taong iyon* is that *puwede po iyong kapwa nila kasama doon sa selda, puwede pong magsabi na ito iyon.* He is one and the same person. So that is another affidavit just to support it. I will just give you one example of how we can distinguish the private and *ito pong batas. Kasi ito pong batas ngayon,* this is an opportunity. *Lahat po puwede pong mag-*claim *basta pumapasok po doon sa reglamento na sinabi na* within the time limit, *ito iyong mga* violations *na nasabi.* So, if he was incarcerated prior to 21 September 1972, but he lasted more or beyond that, *pasok din po siya doon. Kahit wala siya sa* Bantayog. *Ngayon po ang* difference *din po noon, maraming pumupunta sa amin na galit na galit. Kasi lima daw po silang nakulong, pero iyong tatlo nabigyan ng kompensasyon doon sa* private claim, *bakit daw sila hindi? Simple lang po iyong sagot po. Kasi nga po* private claim *iyon. Kung hindi po sila nag-*apply, *wala po. Talagang wala po.* In the same way that in this law, if you do not apply, if you do not help those whom you know are victims and do not have the means to apply, *hindi po mangyayari po iyon. Kasi nag-uumpisa rin po iyong responsibilidad sa atin para mag-*claim *po pero tulungan din po natin iyong hindi, iyong* unempowered to claim, *iyong mga* illiterate. *Iyan iyong mga talagang makikita ninyo naman po hindi po talaga nakapag-aral* so *hindi nila maiintindihan po ito. Tulungan po natin sila. Doon po nagiging maganda iyong pagtulong ng mga organisasyon*—Claimants 1081, SELDA, etc.

*Pero i-*warn *din natin iyong mga iba na huwag po tayong maningil kapag tumutulong tayo. Kasi iyong mga iba ho nanggogoyo talaga. Magpapalista lang ng pangalan,* [*may bayad na*] PHP 200, PHP 20, *iyong mga ganoon po.* So, *magtulungan po tayo* with social media, I would like to address the young people here *na* please spread the news. Because *kailangang malaman ng lahat ng tao na mayroong batas na ganito.* Of course *iyong mga mahihirap hindi po iyan maa-*access so *ibang* form ng media *din naman ang kailangan diyan.* And that is where organizations come in, [where] student actions come in. *Kailangan po nating mapalaganap kasi kakaunti lang po iyong* window *na puwede po tayong mag-*apply under this law right now as it stands. So let us help everybody.

**KALAHOK:** *Hindi ako ni minsan naging* detainee. *Hindi ako nag-*disappear. *Hindi ako na-*torture. *Pero sa mga kabataan,* just to put in context, *iyong* martial law. [Now] you are never coerced to vote for anyone. And you value the freedom [that] you can vote. But put yourself in the context of having to ratify a constitution—the 1973

Constitution. *Inipon kayo sa plaza, estudyante kayo, at mayroon isang tao sa entablado tinatanong, "Sino ang gusto ng bagong paaralan?"* "Feeding program, *sinong gusto? Itaas ang kamay." "Sino ang gusto ng bagong kalsada?" "Sino ang lalaban diyan? Itaas ang kamay!" Sabay tawag ng* photographer. The next day, you find your face in the *Manila Bulletin* saying that the people have overwhelmingly ratified the Constitution. The question was never posed to us. *Iyon iyong sinasabi ni* Ma'am Karen [Gomez-Dumpit] more than being tortured, raped, it is the possibility that your political and civil rights are violated that makes you a detainee or a *desaparecido,* or a torture victim. The moment you allow your civil and political rights to be violated for the first time in a very fundamental way, all other violations are possible. All other violations become so easy. Because it is so easy for dictators to think that they do not even have to use force or the power of the gang except to control the way you decide, the way you choose who you will put in power. And these are the very common abuses during that time. And they do not have to rape you, they already did!

Another thing that I would like to point out, I am not trying to claim credit for this, but I am very glad to see this law in place because I was part of the process. *Para maintindihan ng mga kabataan kung bakit nagkakaroon ng* clashes of viewpoints *tungkol dito sa* compensation claim *na ito. Importanteng isipin: magkano lang ang inilaan sa batas?* PHP 10 billion.

But the important thing is, it is not so much how much each victim is supposed to get. Yes, let me say this . . . I was part of the crafting. Because I was with PCGG and I was the one tasked by Haydee Yorac to shepherd this bill through Congress. So, yes, I was part of the committee . . . *Nahirapan kami kasi* there were two sides. The Yorac Bill was purely to address the need to have a local law, alright? *Bago ma-*implement *ang* judgment *sa* Hawaii. Back track *tayo. Ano ang nasa batas?* EO 1 says all recover[ed] Marcos assets shall go to agrarian reform. *Walang nakasaad doon that* even 1 percent of that should go to the human rights victims, in form of compensation. So, when the Hawaii court said, "Okay fine, Philippine government, you are saying that these victims of the class suit are not entitled to benefits, because what you are saying is this money belongs to the people of the Philippines not only for the victims. And you are saying that all the recovered Marcos's assets should go to CARP. Therefore, you go back and pass the law which says that as an exception to the CARP, part of recovered Marcos assets shall go to the compensation of the human rights victims

under martial law." *Kaya iyong unang* draft *noong* bill had to be crafted by the Philippine government through the PCGG authored by Haydee Yorac. Alright? *Anong nakalagay doon? Ni*-recognize *doon iyong* victims *ng* martial law *na nag*-claim. *Hindi lahat ng* victims *nakalagay doon. Kasi sa totoo,* this is [a] civil suit, this is a private suit. So, *kung sino lang ang naghabla, siya lang ang dapat makakakuha. Iyon iyong* point *dito na kailangang lumabas. Hindi naman sinasabing hindi kayo na*-violate *o hindi kayo* qualified *pero dahil ito ay* class suit, *kung hindi ka sumali doon o kung hindi ka naisali doon,* or you did not care to join the class suit, it will be difficult for you to claim compensation.

Our difficulty in Congress at the time was there were two schools of thought. One was rather hard line because it said, *hindi,* there should be no compromise *kung sino lang ang nag*-sue *sa* Hawaii *siya lang*—I mean *hindi lang nag*-sue—*kung sino lang ang mga biktima during* martial law are the ones entitled to compensation. But realistically we have to recognize that if we did not go for a compromise we could never get the law off Congress. Alright? *Kasi mayroong mga* congressman *na nagsasabi bakit* martial law victims *lang ang kailangan i*-recognize, *hindi ba totoong may* violations of human rights during [Diosdado] Macapagal, during [Carlos] Garcia, especially *noong* time *ni* Cory [Aquino]—*iyong mga ganoon. Nandoon iyong* argument. *Sinong mga nag-a*-argue? *Mga* pro-Marcos allies *sa totoo lang.* These were the congressmen who said why only run after Marcos and compensate his victims while violations of human rights were also committed not only by presidents before him but even by Cory [Aquino] who came after him. Or for that matter it is possible that even during Gloria's [Macapagal-Arroyo] time. Or even up to this time. So, as a matter of strategy or tactic, we have to choose how far we can compromise and make this law generic enough to accommodate the needs, the recognition for the human rights violation under the martial law, as well as past and future violations. *Ang* result *ngayon ay ang batas na ito.* It had to be a compromise, otherwise, *hindi namin mailalabas ito sa* Kongreso.

What is important right now is while I personally recognize and I am grateful for the efforts of Cong. [Kit] Belmonte, I think, if I may propose this to the body and to the students, *lalo na sa* social media, *iyong nag*-ask *kanina.* The social media is a very powerful tool right now. I have been in [the] congressional lobby for quite some time, human rights, migrants, good governance and I know how it works. So, my proposal is unlike before *na mag ipon-ipon, puntang* Luneta, commute-commute *papunta kung saan-saan.* You, together with others, with the

common message and a single target can effect change. So what do we propose? We could strengthen the House resolution proposal on the floor. *Pero,* we have only four congressmen to support it. But we recognize that under this law, the person who is primarily tasked to form the Compensation Board which we put in the law is the Office of the President. So who is your the target? Is it the Congress? No. It is the president. This law says that the Compensation Board composed of three divisions, shall be constituted within this period and the IRR must be proffered within this period and its work must be finished within this period because it is finite. That is why you say it has a sunset provision. Because as soon as all the claims has been satisfied and that money is gone, the law ceases to exist. That is what it means, sunset provision. The time, it is either you respect the finiteness of the amount which is PHP 10 billion or the time that ticks for so long as this board is not constituted. The longer the board is not constituted, before you know it, *patay na ang batas, wala pang natapos. Sinong* target? You can support the House resolution. Single message: Mr. President, the law was signed by you in February, constitute the board now. Because there are two options, if we let the time run before you constitute the board, *kung susundin natin ang* time frame *ng batas, hindi mo pa nabubuo ang* board, *patay na ang batas.* Better constitute the board now [so it can] do its job and frame the IRR, *umpisahan na ang trabaho at ubusin na ang perang iyan. Bago matapos ang termino mo at bumalik si* Gloria *o si* Bongbong *at i-*withdraw *iyan sa* PNB *at i-*distribute *sa* fertilizer funds. That is what I encourage you to do. Support that using the social media in addressing the president.

**FRAGO**: *Maraming salamat po sa inyong* comments, *makabuluhang* suggestions. *Sa puntong ito . . . maaari na nating bigyan ng sintesis ang programa bago tayo magpasalamat sa mga tagapagsalita.*

*Sa* forum *na ito ay napag-alaman natin na ang* compensation *ay isa sa mga pangakong hindi dapat mabaon sa limot. Ibinahagi ang makasaysayang kaso laban sa* estate *ng dating pangulong* Marcos *at napag-alaman din natin na ang mga biktima ay hindi naghabla dahil lamang sa pera. Ang kumpensasyon ay hindi lamang pera.* "It was never about the money," *wika nga ni* Mrs. Fe Buenaventura-Mangahas. *Ang pangako ng* compensation *ay pangako ng pagkilala sa mga sakripisyo at paghihirap na dinanas ng mga biktima sa marahas na kamay ng diktadurang rehimeng* Marcos. *Ang nakakalungkot ay tuloy pa rin—sa kabila ng* Anti-Torture Law *ng* 2009—*sabi nga ni* Ms. Rita Melecio, *marami pa ring kaso ng paglabag sa karapatang pantao ang*

*dokumentado.* History repeats itself. It is bound to sound like a broken record unless we learn our lesson. *Kailangan na nga ng* historical closure. *Ang tanong ay kung paano gagawin ito.* Truth, justice, and compensation—*mahalagang* lesson *mula sa* forum. *Ang mas malaking katanungan ay kung paano tutuldukan ang paglabag sa karapatang pantao? Kailan gagawin ito? At ang sagot nga, sa* open forum *nakuha natin,* the time is now. *Sabi din kanina ni* Dr. Meynardo Mendoza, "Full satisfaction cannot be attained. It is a personal choice but we have to remember that the aggressors will always want to forget while the victims will always want to remember." This is a call for all of us. To our students, to take [the] time to know your history, to reflect on the remnants of the martial law years and a call for all of us, never to forget what happened.❁

## MGA SANGGUNIAN


Llanes, Ferdinand C., ed. 2012. *Tibak Rising: Activism in the Days of Martial Law.* Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc.

Mendoza, Meynardo P. 2010. "The Marcos Human Rights Victims: The Struggle for Justice and Reparations, 1986–1999." PhD diss., University of the Philippines.

———. 2013. "Is Closure Still Possible for the Marcos Human Rights Victims?" *Social Transformations* 1 (1): 115–37.

Santos, Soliman Jr., M., and Paz Verdades M. Santos, eds. 2008. *SDK: Militant but Groovy; Stories of Samahang Demokratiko ng Kabataan.* Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

SELDA (Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto). 2013. *Chronology of Events Related to the Human Rights Class Action Suit Against Marcos (1985–2013).* Edited by Josephine Dongail. Quezon City: SELDA.

Spielberg, Steven, dir. 1997. *Amistad.* United States: DreamWorks SKG in association with Home Box Office. Film, 154 min.